World Christian Bible Study

Tagalog Version. World Christian Bible Studies are used with permission from *The Traveling Team.* Additional materials can be downloaded from their site: www.thetravelingteam.org

Lesson 1
Maging Isang Kristiyanong Pandaigdig
Ang ibig sabihin ng Kristiyanong Pandaigdig
ni David Bryant

Ano ang itatawag natin sa natuklasang ito na maaaring makapagpabago sa atin nang lubusan at makapagpalakas pa sa atin? At ano ang itatawag natin sa mga nakaranas na nito?

Dapat maliwanag na sa ngayon na ang lahat ng Kristiyano ay ipinanganak na muli sa gap, sa gitna ng pandaigdigang hangarin ng Diyos at ang katuparan nito. Ngunit higit pa sa isa ang uri ng tugon sa gap na iyon.

Ang ilan ay tulog, ang ilan ay nagpapahinga at ang ilan ay determinadong tumayo sa gap lalo na sa dulo ng mundo kung saan bilyun-bilyon ang naghihintay ng pagkakataon na marinig ang tungkol kay Kristo sa unang pagkakataon. Ang ilan ay patungo sa bukang-liwayway ng pagmimisyon habang ang iba'y nagsisiksikan sa lilim ng mga anino. Marami ang sumasabay sa mabagal na kilos na kaunti lang ang ipinagbago sa pagtungo nila sa gap dahil sa kakulangan ng pananampalataya. Ang iba ay tumatakbo sa karerang walang inilaang limitasyon kung paano, saan o kanino sila gagamitin ng Diyos.

Ang iba ay nakulong sa kahon o ga-monggong Kristiyanismo na puno ng alamat tungkol sa pagmimisyon na nagpapaalis ng sigla upang magmalasakit sa mga hindi pa naaabot. Ang ilan ay umabot sa makabuluhang Kristiyanismo na handang abutin ang dulo ng mundo sa pag-ibig ng Diyos. Sila ay determinadong bigyan ng pinag-isang pansin ang pandaigdigang adhikain ni Kristo, ang lahat-lahat para sa kanila ay ang gawain sa gap. Sumuko sa Tagapamagitan, handa silang basagin at hubuging muli para maging angkop sa gap saaanman sila maaaring makagawa ng pinakamainam na epekto. Kaya naging malago sila sa pagkilala kay Kristo, sumusunod sa Kanya at niluluwalhati Siya bilang Tagapamagitan.

Ano ngayon ang itatawag natin sa natuklasang ito na muling nag-aatas sa mga Kristiyano tungo sa pangangailangan ng gap? At paano natin matutukoy yaong mga nagtagumpay na?

Ang ibang mga Kristiyano sa gap ay naging bansot dahil sa pagkamakasarili at maliliit na kaabalahan o sa isang maingat na pagsunod at pag-ibig na nakalaan lamang para sa malapit at madaling alagaan. Ano ang masasabi natin sa ibang nasa gap na ang paglago bilang isang alagad ay walang kamalian, na may kalakasang nanggagaling lamang mula sa pagtulong na magdala ng mga makasalanan galing sa maraming bayan patungo sa kanilang tunay na Tahanan?

Ano ang itatawag natin sa kakaibang grupo ng mga Kristiyano na tumayo at sinasabing:
Gusto naming tanggapin ang personal na pananagutan na abutin ang hindi pa naabot sa mundo, lalung-lalo na ang bilyun-bilyong nasa kadulu-duluhan ng gap na naaabot lamang sa pamamagitan ng bagong malawakang pagsisikap ng bayan ng Diyos. Sa gitna ng bawat grupo ng mga tao na walang napakahalagang nag-eebanghelismong Kristiyanong komunidad, dapat mayroong isa, kailangang mayroong isa, magkakaroon ng isa. Sama-sama tayong tutulong upang ito ay matupad.

Samantala, tawagin natin silang KRISTIYANONG PANDAIGDIG (*World Christians*). Siyempre, ang kahit anong bagong katawagan (term) ay maaring hindi madaling maunawaan. Halimbawa, maaaring isipin ng ilan na sinabi kong "makamundong" Kristiyano, hindi Kristiyanong Pandaigdig. Sa ngayon alam na kung ikaw 'yong isa (Kristiyanong Pandaigdig), hindi ka 'yong isa (Makamundong Kristiyano). Kung ikaw 'yong isa (Kristiyanong Pandaigdig) ayaw mong matulad sa isa (Makamundong Kristiyano).

Ang term o katawagan ay wala sa iyong Bible concordance. Huwag kang mag-alala. Ito ay hindi isang *cliche'* katulad ng nakasulat sa isang bumper sticker na "Honk-if-the-Rapture starts." O kaya ito ay isang pagtatangka na pangalanan ang ilang bagong *"*spiritual elite*"* na may corner sa super-secret blessing. Bagkus, ang katawagan ay naglalarawan kung ano dapat tayo at ano ang unti-unting pagbabago ng ilan sa atin.

Ang terminong “Kristiyanong Pandaigdig” ay maaring unang binuo ni Daniel Fleming sa isang libro ng YMCA noong 1920 na may pamagat na *Marks of a World Christian.* Sa ngayon, ang katawagan ay lumalabas sa mga *publications* ng mga grupo katulad ng World Team Missions, Conservation Baptist Foreign Missionary Society, United Presbyterian Center for Mission Studies, the Mission Renewal Team Inc., at the Fellowship of World Christians, ganoon din ang Campus Crusade for Christ at Inter-Varsity Christian Fellowship.

Ang isang Kristiyanong Pandaigdig ay hindi mas angat kaysa ibang mga Kristiyano. Subalit dahil sa biyaya ng Diyos, meron siyang natuklasan na napakamahalaga na nagpabago sa kanyang buhay. Natuklasan niya ang katotohanan tungkol sa gap, ang katotohanang siya ay nasa loob na nito at natuklasan din niya ang tawag ni Kristo na maniwala, mag-isip, mag-plano at gumawa ng naaayon. Sa tulong ng pananampalataya, pinili niya na maging tagapamagitan.

Ilan sa mga Kristiyanong Pandaigdig ay mga misyonerong naging tagapamagitan sa pamamagitan ng pagtawid sa malalaking hadlang na pantao (pangkultura, pampulitika, at iba pa) upang dalhin ang Ebanghelyo sa mga di pa nakarinig. Subalit ang bawat Kristiyano ay dapat maging Kristiyanong Pandaigdig din, maging ikaw man mismo ang hahayo o mananatili sa iyong tahanan para maglaan ng pag-ibig, panalangin, pagsasanay, salapi at makabuluhang buhay na magsisilbing patotoo sa mga humahayo.

Ang mga Kristiyanong Pandaigdig ay mga karaniwang alagad kung saan ang pandaigdigang adhikain ni Kristo ay naging napakahalagang prayoridad sa kanilang buhay. Katulad ng mga alagad, sila’y aktibong nakikialam sa lahat ng bagay tungkol sa Dakilang Kautusan (Great Commission) ng Diyos at isinasagawa ang kanilang natutuhan.

Ang mga Kristiyanong Pandaigdig ay mga Kristiyanong ang mga buhay ay binago ng isang pandaigdig na pangitain. Hindi ito katawagan ng mga bigong Kristiyano na ang pakiwari ay nakukulong sa pandaigdig na kilusan ng pagmimisyon at sa isang iglap ay tapos na ang kanilang tungkulin. Dahil nauunawaan ang pangitain, gusto ng mga Kristiyanong Pandaigdig na ingatan at sundin ang pangitaing iyon nang walang pag-aalinlangan.

Sa pamamgitan ng tatlong hakbang tayo ay magiging Kristiyanong Pandaigdig. Una, ang mga Kristiyanong Pandaigdig ay nakakaunawa sa pangitaing pandaigdig. Nakikita nila ang layuning nakikita ng Diyos. Nakikita nila ang kabuuan ng gap. Pangalawa, iniingatan ng mga Kristiyanong Pandaigdig ang pangitaing pandaigdig. Inilagay nila ang layuning ito sa kaibuturan ng kanilang puso para kay Kristo. Inilagay nila ang kanilang buhay sa puso ng gap. Panghuli, sinusunod ng mga Kristiyanong Pandaigdig ang kanilang pangitaing pandaigdig. Magkakasama silang bumuo ng estratehiya upang makapagbigay ng pangmatagalang epekto ayon sa layunin, lalo na sa pinakadulo ng gap.

Noong mga nakaraang taon, isang Kristiyanong Pandaigdig na nagngangalang John R. Mott, pinuno ng Student Volunteer Movement na nakapagpadala ng 20,000 bagong misyonero, ay gumawa rin ng sinasabing hakbang.

Ang isang gawain na naglalayong kalatan ng Ebanghelyo ang buong mundo sa isang henerasyon at may balak na maitatag ang kaharian ni Kristo, ay nangangailangan ng isang pinunong tulad ng isang Christian statesman na may malawak na pananaw, na may malinaw na plano, na may pagkukusa at may matagumpay na pananampalataya.

Catch! (unawain) Keep! (ingatan) Obey! (sundin) - ito ang tatlong hakbang para maging isang Kristiyanong Pandaigdig.

Lesson 1 Follow-up Questions

1. Ano ang Kristiyanong Pandaigdig?
2. Ano ang pumipigil sa iyo para maging isang Kristiyanong Pandaigdig?

3. Paano ginugugol ng isang Kristiyanong Pandaigdig ang kanyang araw sa college campus*?*
   (halimbawa: oras, salapi, mga kaibigan, usapan, pananalangin at iba pa...)
4. Paano mo ito isasagawa sa iyong buhay?

LESSON 2
Biblikal na Batayan sa Pagmimisyon
Genesis hanggang Pahayag: Ang puso ng Diyos para sa Mundo
ni Todd Ahrend

Anong mga talata ang pumapasok sa iyong isip kung iisipin ang salitang,"PAGMIMISYON"? Marami sa atin ay nahihirapang bumanggit ng ilan maliban sa lumang Dakilang Atas (the Great Commission). Sa maraming taon ito ang palaging tema sa mga komperensiyang pangmisyon sa ating Iglesia at panggaganyak sa mga aalis. Hindi nakapagtataka ang ating pagsunod ay mabagal- sino nga ba ang gustong ipagkatiwala ang kanilang kinabukasan sa isang talata lamang?

Ang Bibliya ay maraming sinasabi sa paksang ito kaysa sa Dakilang Atas (Great Commission). Kailangan nating maunawaan ang konsepto ng batayang biblikal sa pagmimisyon. Siguro sinasabi mong, "Meron bang batayang Biblikal?" OO! At hindi lamang iyan, ang pagmimisyon ay nagkalat sa bawat aklat ng Bibliya. Sa katotohanan, ito ang tema ng Bibliya. Kung hindi ka naniniwalang ang 66 na Aklat ng Bibliya ay maaaring paikliin sa isang tema, ipagpatuloy ang pagbabasa. Makikita mong ang pagmimisyon ay hindi ideya ng iyong pastor, o kaya ng iyong campus minister o kaya'y iyong ideya… ito ay sa Diyos. Mula sa paglikha, ang Diyos ay interesadong tubusin ang lahat ng tao. Bilang mga Kristiyano, mahalaga na makita natin ang mundo katulad ng sa Kanya. Tingnan natin ang Bibliya kung paanong ang puso ng Diyos ay para sa sanlibutan at makikita natin na mula sa Genesis hanggang sa Pahayag ikaw at ako at lahat ng Kanyang mga anak ay tinatawag upang samahan Siya na dalhin ang bawat tao sa Kanyang Kaharian. Ang Bibliya ay hindi koleksiyon ng magkakahiwalay na aklat na walang panlahat na tema o kwento. Ito ay isang aklat na may iisang tema.

- Panimula: Genesis 1-11
- Isang Balangkas: Genesis 12 - Jude
- At isang Wakas: Pahayag

Simulan natin kung saan nag-umpisa ang Diyos, sa Genesis.

Genesis 1:28 ...*at sila'y pinagpala. Wika niya, 'Magpakarami kayo at punuin ng inyong mga supling ang buong daigdig, at pamahalaan ito…'*

Ito ay nakakawiling utos, "magpakarami". Bakit hindi na lang pinuno ng Diyos ang Hardin ng Eden? Bakit ang buong mundo pa? Dahil alam ng Diyos na habang lumalago sa pisikal si Adan, lalago rin siya sa espirituwal. Mailalarawan mo ba 'yan? Ang planeta ay mababalot ng mga mananampalataya sa Kanya katulad ng "pagpuno sa mundo" nina Adan at Eba. Subalit, alam nating nakapasok ang kasalanan sa Genesis 3 at sa Chapter 8 ang daigdig ay hindi na magandang tingnan. Kaya nang pinabaha ng Diyos ang mundo at nag-umpisa ng panibago, pakinggan mo ang utos na ibinigay Niya kay Noe pagkababa niya sa arko.

Genesis 9:1 *Si Noe at ang kanyang mga anak ay pinagpala ng Diyos: Magkaroon kayo ng maraming anak at kalatan ninyo ang buong daigdig.*

"Hoy Noe, hindi mo lang pala panahanan ang isang bayan kundi punuin ang sanlibutan." Ayan na naman, ang utos na magparami. Kaya habang tayo'y papalapit sa chapter 11 dapat merong isang simpleng tanong sa ating mga isip: Napupuno ba ng Diyos ang mundo? Ipagpatuloy natin ang pagbabasa,

Genesis 11:1-4 *Sa simula'y iisa ang wika ng lahat ng tao sa daigdig. Sa kanilang pagpapalipat-lipat, nagawi sila sa silangan, sa isang kapatagan sa Sinar. Dito sila huminto at namayan. Nagkaisa silang gumawa ng maraming tisa at lutuing mabuti para tumibay. Iisa ang ginagamit nilang bato at alkitran ang kanilang semento. Ang sabi nila, 'Ngayo'y magtayo tayo ng isang lunsod na may toreng abot sa langit upang matanyag tayo at huwag nang magkawatak-watak.'*

Hindi mo ba narinig ang usap-usapan? " Alam mo, magkakamukha tayo, kumikilos ng pare-pareho, nagsasalita ng pareho, pareho ang kinakain at pareho ang isinusuot. Dito na lang tayo tumira at gumawa

ng pangalan para sa ating mga sarili. Gusto ba talaga nating maghiwa-hiwalay?" Mukhang ayaw nilang sundin ang utos ng Diyos. Dahil pinag-giitan ng tao ang pumirmi, napilitan ang Diyos na makialam at isinabog sila, pinuno ang mundo gaya ng Kanyang nais.

Genesis 11:7-8 '*Ang mabuti'y puntahan natin at guluhin ang kanilang wika upang huwag silang magkaunawaan.' At pinangalat ni Yahweh ang mga tao sa buong daigdig, kaya natigil ang pagtatayo ng lungsod.*

Sa ating pagtatapos sa introduction o panimula, nakikita natin na may problema ang Diyos: ang mga taong isinabog sa buong mundo ay nagsasalita ng iba't-ibang wika. Paano Niya maabot silang lahat? Ano ang gagawin Niya? Sino ang gagamitin Niya?

Dito magsisimula ang balangkas.

Genesis 12:1-3 *Sinabi ni Yahweh kay Abram, 'Lisanin mo ang iyong bayan, ang tahanan ng iyong ama at mga kamag-anak, at pumunta ka sa bayang ituturo ko sa iyo. Pararamihin ko ang iyong mga anak at apo at gagawin kong isang malaking bansa. Pagpapalain kita, at mababantog ang iyong pangalan at maging pagpapala sa marami. Ang sa iyo'y magpapala ay aking pagpapalain, ngunit kapag sinumpa ka, sila'y aking susumpain; ang lahat ng bansa pihong ako'y hihimukin, na, tulad mong pinagpala, sila ay pagpalain din.'*

Hoy Abram, Alis! Iwan mo ang iyong bansa, ang iyong bayan, iyong pamilya, ang iyong buhay, ang iyong mga pangarap, ang iyong mga ambisyon, ang iyong kinabukasan, ganoon din ang lahat ng iyong natutuhan at mga nalalaman at pumunta ka sa lupaing ipakikita Ko sa iyo. Ngayon, kung ipagpapatuloy mo ang pagbabasa, merong kakaibang mangyayari...

Genesis 12:4 *Sumunod nga si Abram sa utos ni Yahweh.*

Umalis siya. Sinusunod ng tao ang Diyos. Ito ay isang kakaibang konsepto lalo na sa panahon ngayon. Kaya umalis si Abram ay para itatag ang isang bansa na magpapala sa lahat ng lipi. Ang utos na ito ay hindi lamang para kay Abram. Abangan ang Diyos na patuloy na tumatawag sa mga susunod na henerasyon na abutin ang lahat ng bansa. Ang sumunod ay ang anak ni Abraham na si Isaac.

Genesis 26:4 "Pararamihin kong gaya ng mga bituin ang iyong lahi at lahat ng lupaing ito'y ibibigay ko sa kanila. At hihilingin sa akin ng lahat ng bansa na sila'y pagpalain ko tulad ng ginagawa ko sa iyong angkan."

At sa anak ni Isaac si Jacob.
Genesis 28:4 *Darami sila na parang alikabok sa lupa at malalaganapan nila ang apat na sulok ng daigdig. Sa pamamagitan mo at ng iyong lahi, pagpapalain ang lahat ng bansa*.

Ang natira sa Lumang Tipan ay naglalaman ng paggamit ng Diyos sa Israel upang dakilain ang Kanyang pangalan sa mga bansa. Ito ang ilang halimbawa:

Ang Sampung Utos
Deuteronomeo 4:5-6 *Ngayon nga'y itinuturo ko sa inyo ang mga tuntuning ito upang inyong sundin. Unawain ninyo ito at sunding mabuti. Sa gayon makikita ng ibang bansa ang inyong karunungan at lawak ng pang-unawa.*

Ang Kanyang reputasyon ay kumalat pagkatapos hatiin ang Red Sea.
Josue 2:9-10 *Alam ko (Rahab) na ipinagkaloob sa inyo ni Yahweh ang lupaing ito, at ang mga tagarito'y gulong-gulo dahil sa inyo. Gayon din ang lahat ng mga naninirahan sa paligid... Nabalitaan namin kung paanong pinatuyo ni Yahweh ang Dagat ng mga Tambo nang kayo'y tumawid galing sa Egipto...*

Si Solomon at ang kanyang Karunungan
1 Hari 4:34 *Lahat ng lahi ng tao'y nagpupunta sa kanya upang siya'y mapakinggan...*

Sina Sadrac, Mesac at Abednego sa Pugon
Daniel 3:29 *Kaya, inilagda ko (Nebuchadnezzar) ang isang utos: Sinuman mula sa alinmang lahi, bansa o wika na magsasalita laban sa Diyos nina Sadrac, Mesac at Abednego ay kakatayin...pagkat walang diyus-diyusan na makapagliligtas sa tao, tulad ng ginawa ng kanilang Diyos.*

Si Daniel sa kulungan ng mga leon
Daniel 6:26 *Iniuutos ko (Darius) sa lahat ng aking nasasakupan na matakot at gumalang sa Diyos ni Daniel...*

Para sa karagdagang pag-aaral tingnan ang Mga Awit 33:13-14, 67:1-7, 86:9-10, 96:3; Isaias 11:9-10, 49:6, 52:10, 61:11; Jonas 4:11; Habakkuk 1:5

Sa ating pagtungo sa Bagong Tipan lalo pang tumitindi ang balangkas. Ngayon si Kristo, ang Diyos na nagkatawang-tao ay pumapasok sa eksena at ano ang nakikita nating patern o modelo ng Kanyang buhay at ministeryo? Walang pagkakaiba. Maging ito man ay pagtahak sa mahabang daan para maabot ang Samaritana (Juan 4:1-42) o ang pagpapagaling sa marami at iba't-ibang mga Hentil para maturuan ang Kanyang mga alagad (Marcus 5:1-20, 7:24-30). Si Kristo sa Bagong Tipan ay pinanatili ang pattern na nabuo sa Lumang Tipan. Ang mga halimbawa:

Nilinis ang templo
Marcos 11:15-17 *Pagdating nila sa Jerusalem, pumasok sa templo si Jesus. Kanyang ipinagtabuyan ang mga nagbibili at namimili at ipinagtataob ang mga mesa ng mga nagtitinda ng kalapati...Nasusulat, 'ang aking bahay ay tatawaging bahay dalanginan ng lahat ng bansa.'"*

Ang palatandaan ng Kanyang pagbabalik
Mateo 24:14 *Ipangangaral sa buong sanlibutan ang Mabuting Balita tungkol sa paghahari ng Diyos upang ito'y makilala ng lahat ng bansa. Saka darating ang wakas.*

Ang ministeryo ni Jesus
Lucas 4:42-43 *"...hinanap siya ng mga tao, at nang matagpuan ay pinakiusapang huwag munang umalis. Subalit sinabi niya, 'Dapat ko ring ipangaral sa ibang bayan ang Mabuting Balita tungkol sa paghahari ng Diyos; sapagkat iyan ang layunin ng pagkasugo sa akin.'*

Ang kautusan sa Kanyang mga alagad
Marcos 16:15 *...Humayo kayo sa buong sanlibutan at ipangaral ninyo sa lahat ang Mabuting Balita.*

Ang Aklat ng Gawa ay isang patotoo sa salaysay ng Ebanghelyo na pinapalaganap hanggang sa dulo ng daigdig. Ito ay nagsisimula sa pag-ulit ni Jesus sa Kanyang itinuro sa mga disipulo sa nakalipas na 3 taon.

Gawa 1:8 *Ngunit bibigyan kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Banal na Espiritu Santo, at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa dulo ng daigdig*.

Sa pagsisimula ng pag-uusig nagsimula na rin ang pagkakalat (Gawa 8:1) at dinagdagan ng Panginoon ang bilang ng hukbong misyonero.

Gawa 9:15 *...Pumaroon ka! Sapagkat hinirang ko siya (Pablo) upang ipakilala ang aking pangalan sa mga Hentil...*

Ang iba sa Aklat ng Gawa at sa mga Sulat ay detalyadong naglalarawan kay Pablo at sa hukbo ng mga misyonero na nagpupunyagi na makapagtayo ng mga Iglesia sa buong daigdig.

Para sa karagdagang pag-aaral tingnan ang Mateo 9:35-38, 28:18-2; Juan 20:21; Roma 10:11-15, 15:20; Galacia 3:13-14; 1Timoteo 2:4-6; 2 Pedro 3:9; Juan 2:2.
Ang Pasimula: Genesis 1:11, ang Balangkas*:* Genesis 12-Jude, ano ang wakas o katapusan?

Pahayag 7:9 *Pagkatapos nito'y nakita ko ang napakaraming taong di kayang bilangin ninuman! Sila'y mula sa bawat bansa, lahi, bayan at wika. Nakatayo sila sa harap ng trono at ng Kordero...*

Mahalaga na iugnay ang nangyayari sa Pahayag sa sinimulan ng Diyos sa Genesis 12 sa buhay ni Abraham. Gagawin 'yan ng Diyos. Magkakaroon ng mga kinatawan sa bawat bansa, lahi, bayan at wika na yuyukod at sasamba sa Kanyang paanan. Iba't-iba ang kultura sa langit. Ang Diyos ay isang misyonerong Diyos, at mula sa umpisa hanggang wakas ipinapakita Niya sa atin ang Kanyang misyon. Makikipagtulungan ka ba sa Kanya na dalhin ang kinatawan ng bawat grupo ng tao sa Kanyang kaharian? Mangyayari ito, ang tanong: magiging bahagi ka ba?

Lesson 2 Follow-up Questions

1. Paano nag-iba ang iyong pananaw sa Diyos matapos pag-aralan ang materyal na ito?
2. Paano ito makapagpapabago sa iyong pamamaraan sa pag-aaral ng Bibliya?
3. Bakit mahalagang tingnan ang Diyos bilang isang misyonerong Diyos?
4. Bakit hindi tinitingnan ng maraming tao bilang isang misyonerong Diyos ang Diyos?
5. Paano mo gagamitin ang araling ito sa linggong ito?

Lesson 3
Isang Tawag sa Pagmimisyon
ni Robert E. Speer

Ano ang bumubuo sa isang tawag sa pagmimisyon? Isang mabuting palatandaan na ang tao ay nagtatanong ng ganitong tanong. Una, dahil ito'y nagmumungkahi na ang tungkol sa pagmimisyon ay may kaugnayan lamang sa kalooban ng Diyos. Ikalawa, dahil ito ay nagpapatunay na sila ay naniniwala na ang buhay nila ay pag-aari ng isang Tao na may karapatang pamahalaan sila at hintayin ang tawag Niya.

Ngunit pagkasabi natin sa dalawang bagay na ito, sa palagay ko nasabi na natin ang lahat ng dapat sabihin patungkol sa tanong dahil kadalasang itinatanong ito sa kadahilanang hindi pang-Kristiyano.

Katulad halimbawa ng mga Kristiyanong nagsusumikap sa isang propesyon dito sa Estados Unidos na ang katuwiran ay ito ay kalooban ng Diyos kaysa sila ay pumaroon sa mga mission field. Subalit ano'ng karapatan meron sila para gawin ang gayong pagkakaiba? Iginigiit ng Kristiyanismo na ang kabuoan ng buhay at lahat ng paglilingkod ay dapat nakatalaga; at hindi dapat hamunin ninoman ang kalooban ng Diyos. At bago sila gumawa ng hakbang, dapat alam niya na kalooban ng Diyos ito at pagsisikapan niya ito.

Kung ang mga tao ay hayaang gumuhit ng linya na maghihiwalay sa iba't-ibang uri ng paglilingkod, anong kahangalang katuwiran ang nangunguna sa kanya para isiping mas kakaunti ang makalangit na pahintulot (divine sanction) para sa isang tao upang mamuhay siya kasama ang mga Kristiyano kaysa maging misyonero sa mga pagano? Kung ang mga tao ay bibigyan ng natatanging tawag para sa anumang bagay, dapat meron silang natatanging tawag na pakikialaman ang kanilang mga gawain, magpakasaya sa buong buhay nila, na piliin ang mga magagandang lugar, magparami ng pera at pagbigyan ang kanilang mga ambisyon.

Paano masasabi ng isang matapat na Kristiyano na kailangang meron siyang isang natatanging tawag para hindi gawin ang ganoong klaseng bagay? Paano niya masasabing maliban na lang kung makatanggap siya ng tiyak na tawag galing sa Diyos na ipangaral ang Ebanghelyo sa mga pagano, meron siyang karapatan na gugulin nalang ang buhay niya sa pagpapayaman?

Hindi ba katawa-tawa na imungkahi na ang isang espesyal na pagkatawag ay mahalaga upang maging isang misyonero, subalit walang kailangang pagtawag kung bibigyang kasiyahan lamang ang sariling kalooban o ang personal na ambisyon?

Mayroong pangkalahatang obligasyon na nasa balikat ng mga Kristiyano na makita na ang Ebanghelyo ni Hesu-Kristo ay maipangaral sa buong mundo. Ikaw at ako ay hindi na nangangailangan ng espesyal na tawag upang isa-buhay ang pangkalahatang tawag ng Diyos sa mga buhay natin. Mas kailangan pa nga natin ang isang espesyal na tawag upang maging exempted sa paggawa nito sa ating buhay. Sa madaling salita, ang bawat isa sa atin ay tumatayo sa ilalim ng isang inaasahang obligasyon na ibigay ang kanyang buhay sa mundo maliban na tayo'y mayroong ilang bagay na talagang maidadahilan upang di makasali.

Ang pamamaraang ito ng paghingi ng espesyal na tawag sa gawaing pagmimisyon ay sumisira sa Bibliya. Ganito ang iniutos, "Humayo kayo sa buong mundo at ipangaral ang ebanghelyo sa bawat nilalang." Sasabihin natin, "Iyan ay nangangahulugan na ibang tao." Nariyan ang pangako, "Lumapit sa Akin kayong lahat ng napapagal at nabibigatan sa inyong pasanin at kayo ay bibigyan ko ng kapahingahan." Sasabihin natin, "Ang ibig sabihin niyan ay ako." Kailangang magkaroon tayo ng espesyal na makalangit na indikasyon na tayo ay mahulog sa utos; hindi tayo nagtatanong ng espesyal na indikasyon mula sa langit na tayo ay mahulog sa ilalaim ng biyaya. Anong karapatan nating magbigay ng guhit ng pagkakaiba sa obligasyon at mga prebelehiyo ng mga Kristiyano? Anong karapatan natin na tanggapin ang mga prebelehiyo bilang nararapat sa bawat Kristiyano at ipaubaya ang mga obligasyon nito sa konsensiya ng iilan?

Ito ay sumisira sa ordinaryong sintido-comon at matapat na paghatol. Hindi natin iniisip na ayusin ang ibang bahagi ng ating buhay sa ganitong basehan. Sa palagay ko ang dating presidente ng Princeton na si Patton ay tamang-tama sa pagpapakita sa situwasyon nang ginamit niya ang mga sumusunod na halimbawa. Sinabi niya, “Kunwari ako ay pinapagtrabaho ng may-ari ng ubasan sa kanyang ubasan. Nagtungo ako sa pintuan ng ubasan at natagpuan ko ang lugar sa paligid ng bakod na hitik-na-hitik sa bunga at pati ang lupa ay puno na ng bunga. Subalit sa malayo pa roon ay wala kang makikitang mamimitas at ang mga bunga’y nasa lupa na sa dami. Kailangan ko pa ba ang espesyal na pagbisita sa akin at utos mula sa may-ari ng ubasan upang ituro sa akin ang aking tungkulin?”

Kung ako ay nakatayo sa tabihan ng umaagos na ilog, at mayroong maliliit na bata ang nalulunod, hindi ko na kailangan ang isang opisyal ng batas na dumating at bigyan ako ng ilang legal papers na inuutusang iligtas ang mga batang iyon, kung hindi, ako ay magbabayad ng ganitong halaga. Hahamakin ko ang aking sarili kung tatayo lang ako roon at aasa na mailigtas ko ang mga batang iyon habang ako’y naghihintay ng legal na paglilitis na nagsasabing ako ang nararapat na magligtas sa kanila!

Bakit natin isinasagawa ang mga prinsipyong ating kinamumuhian at iniiwasan kung ang iba ay nagmumungkahi na dapat nating isagawa ang mga iyon sa ating praktikal na pang-araw-araw na pamumuhay? Sumandali kang makinig sa pagtangis ng nagugutom na sanlibutan. Damhin mo sa loob ng isang oras ang kaniyang mga pagdurusa. Mahabag ka sa isang sandali sa kaniyang mga daing. At saka mo ituring iyon tulad ng pagturing mo sa makataong pangangailangan ng iyong kapwa, o ang pangangailangang matatagpuan mo habang naglalakad ka sa daan, o saan man sa buhay mo.

Mayroong bagay na nakakalito, puno ng guni-guni at kalituhan tungkol sa paghihintay na ito ng tawag upang magmisyon. Sa marami sa atin, hindi isang tawag ang talagang hinahanap natin, kundi isang tulak. Marami sa atin ang ayaw makinig sa tawag kung ang mga ito ay darating. Kailangan pang may dumating at pilitin tayo bago tayo humayo at magtungo sa gawain ng pagmimisyon.

Ang bawat isa sa atin ay nasa ilalim ng pangkalahatang obligasyon na magbigay ng buhay at panahon at pag-aari para sa pag-eebanghelismo ng mga kaluluwa saan man na hindi pa nakakarinig tungkol kay Hesu-Kristo. At tayo ay nakatali na humayo, maliban na lang kung makapagbibigay tayo ng tiyak na dahilan upang di makabahagi, na maaari nating ilahad kay Hesu-Kristo nang may malinis na budhi at matiyak natin na tayo’y kanyang pinapayagan. Ang tanong mo, “Anong ibig mong sabihin, kailangan ko bang kunin ang aking buhay sa pamamagitan ng dalawa kong kamay? Hindi! Iyan ay talagang ayaw ko! Iyan talaga ang ginawa natin. Kinuha natin ang ating buhay sa ating sariling mga kamay, at iminungkahing humayo tayo sa sariling daan maliban na pilitin tayo ng Diyos na magtungo sa ibang daan. Ang hinihiling ko lang hangga’t hindi nagpapahayag sa atin ang Diyos ng ilang espesyal na pansariling landas sa magkabilang dako, nararapat nating ibigay ang ating buhay kay Jesus na kamay at humayo sa landas na maliwanag Niyang nilagyan ng Palatandaan para sa Kanyang Iglesia.

Nais ko pang magsalita ng isang huling bagay.
Sa palagay ko ang pag-ibig ay makakarinig ng mga tawag kung saan ang mga pusong salat sa pagmamahal ay hindi nakakaalam kung ano ang kanilang tunog. Kung mayroong 100 maliliit na bata na umiiyak, ang isang ina ay may kakayahang piliin ang tinig ng kanyang sariling anak, lalo na kung may tinig ng daing at paghihirap.

Mayroong makapangyarihang talas ang tenga ng pag-ibig, at ako’y nagtataka, matapos ang lahat, kung bakit ito ay hindi nakapagbibigay ng malaking paliwanag sa kalituhan ng sinuman tungkol sa espesyal na tawag bilang misyonero. Posible kaya, na sa maraming pagkakataon, na ito ay dahil lamang sa kumapal na kalyo sa puso, isang kaloobang hindi handa, o saradong pag-iisip?

Mahal na mahal ng Diyos ang sanlibutan kaya Siya’y nagbigay. Ang pangangailangan ng sanlibutan at ang pag-ibig ng Diyos ang bumuo sa tawag para kay Jesus. Kailangan pa ba natin ng ibang bagay higit sa naging sapat na sa Kanya? Kung atin ang tawag na iyon, tayo kaya ay tatanggi at uurong?

Isa-isangtabi natin ang lahat ng panlilinlang, lahat ng moral na pagkukunwari, lahat ng mga patalisod na pagtalilis kung saan ang diyablo ay sumusubok na hikayatin tayong tumakas mula sa ating tungkulin at

tayo'y tumayong tulad ng mga lalaki at tingnan ito, at gawin ito.

Ang mga mag-aaral ay may sapat na gulang upang gawin ang kanilang mga tungkulin. Sila'y may sapat na gulang na upang magpasiya na mag-aral sa kolehiyo. Sila'y may sapat na gulang na upang magpasiya kung kukuha ng abogasya o medisina o ibang kurso. Sila'y mayroong sapat na gulang na rin, upang pagpasiyahan ang katanungang ito. Huwag nawang ipahintulot ng Diyos na subukan nating magtago mula sa mataimtim na pagsasaalang-alang sa ating napakahalagang tungkulin sa likod ng anumang uri ng pagdadahilan.

Lesson 3 Follow up Questions

1. Sa palagay mo ba'y mayroong tawag para sa misyonero? Bakit?
2. Ano ang argumento ni Robert Speer laban dito?
3. Papaano mo isasagawa ang artikulong ito sa iyong buhay?

Lesson 4
Ang 10/40 Window
ni Piper Black
edited/updated ni Jess Jennings

Ang 10/40 Window ay isang parte ng mundo na nasa pagitan ng 10° at 40° latitude sa ibabaw ng equator sa Eastern Hemisphere. Kasama dito ang North Africa, Middle East, at Asia.
Sa madaling salita: dito matatagpuan ang napakaraming tao na hindi pa kailanman nakarinig ng Good News.

Sa ngayon, may humigit-kumulang 5.33 bilyong tao ang nakatira sa 10/40 Window. At higit 3.28 bilyon sa kanila ay mula sa mga unreached people groups—mga grupong halos walang access sa Ebanghelyo.
Kaya naman, 97% ng lahat ng unreached sa buong mundo ay nandito.

Kakaunti ang mga misyunaryo sa lugar na ito

Sa buong mundo, may 450,000 misyunaryo, pero 15,000 lang ang nagtatrabaho sa unreached groups—3.4% lang!
Ibig sabihin, sa maraming lugar sa 10/40 Window, isang misyunaryo ang responsable para sa sampung libo o milyon na tao.

Mga Hamon sa 10/40 Window
- Gutom / kulang sa pagkain
- Sakit at kakulangan sa healthcare
- Kahirapan at hirap sa ekonomiya
- Pag-uusig dahil sa relihiyon
- Political conflict at mga digmaan
- Hindi magandang kondisyon ng pamumuhay

Pero higit sa lahat, ang pinaka-kailangan nila: si Jesus.
Sabi ni Jesus: “Marami ang aanihin pero kakaunti ang mga manggagawa.” (Matt. 9:37)

Mahahalagang Facts
1. 97% ng unreached people sa buong mundo—nasa 10/40 Window.
2. Dito nakabase ang malalaking non-Christian religions: Islam, Hinduism, Buddhism, Shintoism, Confucianism, at iba pa.
3. Karamihan ng pinakamahihirap na tao sa mundo—nakatira rito.

Ano ang Gusto ng Diyos para sa mga Bansa?
“Purihin Ka, O Diyos… upang makilala nila ang Iyong daan sa lupa, ang Iyong kaligtasan sa lahat ng bansa.” (Awit 67)

Walang “special power” ang 10/40 Window, pero binibigyang-pansin ito para makita saan ang pinakamalaking pangangailangan at saan kakaunti ang naglilingkod.

Isang Halimbawa gamit ang Mapa
Sa mapa na ginagamit namin:
- Green = reached
- Red = unreached

Kapag pinakita ito sa mga bata, mabilis nilang sinasabi: “Yung green dapat pumunta sa red.”
Simple tingnan… pero mahirap gawin sa totoong buhay.

Ang Pilipinas at Amerika sa Misyon
Pilipinas
- Isa sa pinaka-evangelized na bansa sa Asia
- Maraming oportunidad dahil madaling makihalubilo ang mga Pilipino

- Pero kaunti pa rin ang pinapadalang misyunaryo

Amerika
- Ang Southern Baptists ang pinakamalaking evangelical denomination
- Pero less than 1% lang ang misyunaryo
- USA: 1 Christian worker per 250 people
- 10/40 Window: 1 misyunaryo kada libo-libo o milyon

Ang Problema sa Pondo
Sa bawat $1,000 na ibinibigay ng mga Kristiyano sa North America, napakaliit ang napupunta sa pag-abot sa mga unreached.
Sabi ni Jesus: “Kung nasaan ang iyong kayamanan, naroon din ang iyong puso.” (Matt. 6:21)

Global Quiz (Kung 100 Tao Lang ang Mundo)
1. Ilan ang Asyano?
2. Ilan ang Europeo?
3. Ilan ang Aprikano?
4. Ilan ang taga-Americas?
5. Ilan ang kulang sa pagkain?
6. Ilan ang nakatira sa substandard na bahay?
7. Ilan ang oral learners?
8. Ilan ang may university degree?

(Answers: **#1:** 57; **#2:** 21; **#3:** 8; **#4:** 2; **#5:** 50; **#6:** 25; **#7:** 80; **#8:** 30)

Lesson 4 Follow up Questions

1. Aling bilang ang nagbigay s aiyo ng malaking surpresa at bakit?
2. Ano ang maiisip mo kung ikaw ay sa U.S. isinilang?
3. Sa palagay mo ba, bilang isang Kristiyano sa U.S., mayroon kang dagdag na pananagutan? Kung meron, ano’yon?

Lesson 5
Limang Bloke ng Pangunahing Relihiyon
(Part 1: Muslim and Hindu)
nina Bob Sjogren at Bill at Amy Stearns

Mga Muslim na Hindi pa Naabot

Isang gabi, ng taong A.D. 610, isang pangitain ang dumating kay Muhammad: "O Muhammad, ikaw ay ang sugo ng Diyos." Ganito isinilang ang relihiyong Islam.

Ang salitang"Islam" ay nangangahulugang "pagpapasakop" at ang "Muslim" ay nangangahulugang "isang taong nagpasakop sa Diyos" (Allah). Upang maging Muslim, kailangang taos-pusong masabi ng isang tao sa isang pagkakataon ng kanyang buhay ang paniniwalang "Walang ibang Diyos kundi ang Diyos, at si Muhammad ang kanyang Propeta". Inaasahan ding panghahawakan ang "limang haligi ng Islam". Ang mga ito ay:

1. Bigkasin ang pananampalataya
2. Manalangin ng 5 beses araw-araw sa takdang oras.
3. Mag-ayuno sa buwan ng Ramadan. (Kabilang dito ang pag-iwas sa pagkain at inumin sa araw. Matapos ang paglubog ng araw, maari nang kumain at uminom).
4. Maglimos (ang limos ay binubuo ng 2.5% ng kita at ibinibigay para sa pag-aalaga sa mosque at pagtulong sa nangangailangan)
5. Gawin ang "hajj", ang banal na paglalakbay sa siyudad ng Mecca sa Saudi Arabia, kahit minsan lang sa buhay ng isang tao.(Kapag mas madalas itong gawin, lalong nagiging espirituwal ang isang tao.)

Itinuturing ng Muslim ang kanilang relihiyon bilang isang pagpapatuloy *(*extension*)* ng Kristiyanismo at Judaismo, subalit para sa kanila ang Christian Trinity ay isang pamumusong *(*blasphemy) at di nila tinatanggap ang pagka-Diyos ni Jesus. Kahit na ang Qur'an ay nagtuturo sa mga Muslim na "makinig sa mga tao sa Aklat" (tumutukoy sa Bibliya). Ang mga Muslim ay naniniwala na sinira ng mga Kristiyano and "Holy Injil" (ang Ebanghelyo ng Bagong Tipan), kaya ang Bibliya ay hindi wasto.

Kailanman kung ang karamihan ng mga Western Christians ay tatanungin kung narinig na nila na ang Islam ay ang pinakamabilis na dumami sa mga relihiyon ng mundo, magtataasan ang mga kamay sa pagkilala sa kamalayang ito. Totoo na ang Islam ang pinakamabilis na lumago sa mga pangunahing relihiyon ng mundo, dumarami ng 2.9% taun-taon-tinatalo ang Kristiyanismo sa kabuoan, kung saan ang paglago ay 2.3%. Ngunit kung ating paghihiwa-hiwalayin sa maliliit ang Kristiyanismo sa iba't-ibang grupo, ang mga ebangheliko at Pentecostal ang pinakamabilis na lumago sa mga pangunahing religious groups. Sa daigdig ng mga ebangheliko, lumalago sa 5.4% at ang Pentecostal sa 8.1% taun-taon.

Kahit na ang Islam ay isang lumalagong relihiyon, ang mataas na pagdami sa pamamagitan ng panganganak (birth rate) sa mga Muslim ang dahilan kaya sila dumarami. Gayunpaman, sabi ng Chicago-area writer na si Deb Conklin, inaangkin ng Islam na marami silang bagong converts dahil:

1. Ang Islam ay hindi isang kumplikadong relihiyon. Ang tanging kailangan lamang na gagawin upang maging Muslim ay buong pusong ipahayag ang pananampalataya (creed). Anim lamang ang pangunahing doktrina: paniniwala sa iisang Diyos, sa mga anghel, sa mga Banal-na-Aklat kasama ang ibang bahagi ng Luma at Bagong Tipan; sa mga propeta- kasama si Jesus at si Muhammad; sa isang araw ng paghuhukom; at sa predestination (kapalaran o paroroon na hinaharap). Ang limang gawain (haligi) ng Islam ay panglabas (external) at parehong simpleng pag-aralan.
2. Ang Islam ay isang relihiyong madaling iangkop. Ito ay madaling iugnay sa mga daan-daang kultura. Dahil sa ang Islam ay walang kontradiksiyon sa pagkakaroon ng mga espiritu, madali lang nitong tinatanggap ang mga animismong paniniwala at gawain ng mga tao kung saan ito ay dinadala. Sa totoo lang, kahit ngayon, ang karamihan ng mga Muslim ay tinatanggap ang tinatawag na "folk Islam*"* (katutubong Islam).
3. Ang Islam ay isang relihiyong masigasig (evangelistic) manghikayat. Ang layunin ng mga Muslim ay hikayatin ang Western World sa Islam. Kung sa palagay mo'y di ito mangyayari, mag-isip kang

mabuti. Ang ibang lugar na pinangaralan ni Pablo ay may matatag na pagkiling ngayon sa Islam. Gayun din ang mga siyudad ng Istanbul (noon ay Constantinople) at Alexandria, na noon ay sentro ng Kristiyanismo.

Isa sa bawat limang tao na nabubuhay sa daigdig ay Muslim. Maaaring mas kapansin-pansin, mga 35% ng lahat ng mga grupo ng mga tao na di pa naaabot ay mga Muslim. Ang kanilang kasigasigan ay sinusuportahan ng mga dolyar galing sa langis, ang mga Muslim ay handang magtungo saanman at handang gumastos anuman ang kinakailangan upang hikayatin ang buong mundo sa Islam. Sa North Africa, ang gobyerno ng mga Muslim countries, noong isa sa mga nakaraang taon ay gumastos ng mas malaki upang palaganapin ang mga gawaing pangmisyon sa walong bansa sa North Africa nang higit sa pinagsama-samang gastos mula sa mga western missionaries sa buong mundo. Sa mga bansang mayroon populasyong Kristiyano, may mga plano upang saidin ang Kristiyanismo.

Ang mga Hindu na di pa Naaabot

Ang Hinduismo ay halos imposibleng ipaliwanag dahil sa ito ay pinaghalu-halong ideya, mga gawain, paniniwala at paninindigan. Ito kadalasan ay nakakalito sa mga Westerners; ito ay umiikot sa naiibang sentro di tulad ng Kristiyanismo, na nagtatanong ng mga kakaibang mahalagang katanungan at nagbibigay ng ibang mga kasagutan:

1. Bilang isang pilosopiya, sinasabi ng Hinduismo na: Mayroong bahagi ng pagka-diyos sa bawat tao. Ang tawagin ang taong makasalanan, kung gayon, ay talagang isang pamumusong *(*blasphemy) at siyempre, hindi na kailangan ang tagapagligtas. Ang mga sulat ni Vivekananda ay nagsasabing, "Isang kasalanan ang tawagin ang sinuman na makasalanan." Ang mabuti at masama ay isa lamang ilusyon. At ang ilusyon ay pinapawi ng karunungan. Ang "Kaligtasan" kung gayon, ay ang pagiging malaya mula sa pagiging ignorante, hindi mula sa sinabi ng Bibliya na kasalanan. Malamang ang karaniwang kahulugan ng mga Hindu sa kasalanan ay ang "pagdudulot ng kapighatian." Ang bawat kaluluwa - isang "patak ng Diyos" (a drop of God)- ay muli't-muling isinisilang sa mas mataas o mas mababang pag-aanyo ng tao, hayop, o mga gulayin ayon sa "karma" ng kaluluwa. Ang karma ay kabuoan ng mga mabubuting gawa ng isang tao. Ang mga gawang ito ay sa paraang seremonya, hindi katulad ng mga pananaw ng mga Westerners ng moral na mabubuting gawa. Ang mabubuting gawang ito ay naiipon at pinapayagan ang isang tao na magbagong anyo (reincarnate) sa mas mataas na posisyon sa buhay - halimbawa mula sa isang babae tungo sa pagiging lalaki- ngunit ang masasamang gawa ay magdadala sa isang tao sa mas mababang anyo sa susunod na ikot ng kanyang buhay.
2. Bilang isang pandaigdig na relihiyon, itinuturo ng Hinduismo na ang mga tao ay malayang pumili ng sarili nilang diyos mula sa 330 milyong diyos. Ang ganap na kaligtasan ay matatamo sa pamamagitan ng (1) daan ng karunungan, (2) daan ng debosyon, (3) daan ng mabubuting paraan. Ang kaligtasang ito ay ang paglaya (release- Moksha) ng kaluluwa mula sa muli't-muling pagkapanganak (cycle of rebirth) upang makasama ang Ganap (Absolute) - tulad ng isang patak ng tubig sa karagatan.
3. Bilang isang tanyag na relihiyon, ang mga Hindu ay naniniwala na ang Hinduismo ay isang pinaglahok na tradisyon ng kanilang mga ninuno, pagsamba sa mga hayop, kulto ng templo, mahika, eksorsismo, astrolohiya, at mga turo ng "gurus" (avatars o pag-aanyo ng mga diyos). Ang karaniwang paniniwala ay: pagturing sa baka bilang isang diyosa; ang materyal na daigdig ay isa lamang ilusyon; ang mundo ay patuloy na sumasama; ang luma ay mas mabuti kaysa sa bago; at kung ano ang mangyayari ay talagang magaganap kahit pa ano ang mga pagpapagod ng tao na palaganapin o hadlangan ito.

Ang West ay nakakita ng sulyap ng pilosopiya ng Hindu sa maraming mga anak ng New Age Movement, sa Transcedental Meditation na ginagawa ni Mahesh Yogi, at sa mga converts sa Hare Krishna na humihingi ng mga donasyon sa mga airports. Ang mga halos negatibong impresyong ito ay nagbibigay kulay sa pananaw ng mga Westerners na mga indibiduwal na nahuli sa Hinduismo - mga indibiduwal na ang nakakapagod na paghahanap sa kapayapaan (shanti) ay maaaring paraan ng Diyos upang ilapit sila sa Kanyang Sarili. Ngunit ang maraming Hindu ay walang daan upang marinig ang totoong Ebanghelyo; Ang tanging alam nila sa Kristiyanismo ay kung ano lang ang nakita nila sa buhay ng mga "Kristiyano."

Ngayon malapit na sa 24% ng 3 bilyong tao sa Asia ang mga Hindu. Ang karamihan ay nakatira sa India,

Nepal at sa Bali, Indonesia, at sa maramihang bilang sa Bhutan, Fiji, Mauritius at Suriname at Guyana sa South America.

Sa mga Hindu, ang Diyos ay hindi isang persona: “Ito ay kumikilos. Ito ay hindi kumikilos. Ito ay malayo at ito ay malapit. Ito ay nasa loob ng lahat ng ito at ito ay nasa labas ng lahat ng ito” ay pangkaraniwang pangungusap tungkol sa diyos- pwersa ng daigdig na tinatawag na “Brahma.” Ang Diyos - Ang Ganap - ay hindi umiibig o nagagalit sa mga tao, hindi tumutulong o humadlang sa kanila.

Ang Diyos ay dapat sambahin sa paraang ginawa ng sariling mga ninuno- sa anyo ng mga puno, mga hayop, mga imahen, persona at milyong mga diyos. Dalawang diyos ay prominente: si Vishnu, ang nag-aalaga sa mundo, at si Shiva, ang maninira. Si Vishnu ay karaniwang sinasamba sa pamamagitan ng isa sa kanyang mga anyo - “Rama” o “Krishna”. Maraming mga Hindu ang nabubuhay sa matinding takot na baka matawag nila ang galit ng “Kula Devata” - ang diyos ng pamilya- sa kanilang sarili o sa kanilang pamilya kung sila’y magiging masyadong interesado kay Hesu-Kristo.

Karaniwang pinagyayaman ng Hinduismo ang damdamin ng kalungkutan at pagiging negatibo, yamang hindi maliwanag kung ginagalit nila ang ibang diyos o umuunlad sila o nahuhuli sila sa paghahanap ng kaligtasan. Madaling lumaganap ang kahirapan sa komunidad dahil sa paniniwalang ang kabanalan at karangyaan ay hindi maaaring magsama. Ganoon din - ang kabanalan ng lahat ng anyo ng buhay- yamang ang mga ninuno ay maaring nabuhay sa anyo ng mga hayop- ay nagpapalaganap ng kahirapan. Sa India, halimbawa, 30% ang taunang ani ng butil ay sinisira ng mga daga, na kailangang hayaang mabuhay, at ang mga sagradong baka na gumagala sa mga lansangan ng India ay maaaring magpakain sa buong bansa sa loob ng limang taon kung gagamitin bilang pagkain.

Ang Hinduismo, sa kanyang caste system, ay isang anyo ng social security- bawat isa ay nakakaalam kung saan sila kabilang. Sa pagsisikap ng Kristiyanismong alisin ang caste system, ang Hindung nagiging Kristiyano ay nawawalan ng mabuting katayuan sa komunidad - tulad ng prebelehiyo, trabaho o kayamanan. Ang mga estudyanteng Hindu na naging Kristiyano ay nawalan ng pinansiyal na tulong mula sa mga paaralang sinuportahan ng gobyerno. Ang paglipat sa Kristiyanismo ay kadalasang humahantong sa pagtatakwil ng komunidad, kasiraan sa reputasyon ng buong pamilya, pagkaputol sa relasyong mag-asawa at kahit pisikal na pag-uusig. Isang bagong tala ang nagmungkahing aabot sa 20% ng mga Hindu ay magsasaalang-alang na maging tagasunod ni Hesu-Kristo kung hindi sila ihihiwalay sa kanilang mga pamilya at sa kanilang komunidad.

Ang mga Hindu ay karaniwang bukas para sa anumang klase ng bagong ideya ng mga relihiyon. Sa Hinduismo, lahat ng daan ay patungo sa Diyos, kaya ang lahat ng relihiyon ay mababuti. Karaniwan, ang anumang anyo ng pagsamba ay tama kung ang kaniyang ninuno ay ganoon din ang ginawa noon. Ang mga Hindu ay kadalasang “tinatanggap” si Jesus bilang isa sa marami nilang mga diyos. Dahil sa paraang ito ng pagtanggap sa lahat ng mga diyos, mahirap abutin ang mga Hindu. Maaari silang maging handang yumuko sa panalangin upang tanggapin si Kristo sa kanilang buhay, ngunit sila’y nagdaragdag lamang ng “isa pang diyos” upang sambahin.
Tingnan ang mga talatang ito:

Juan 14:6
Efeso 2:8-9
Zepanias 2:11
Jeremias 1:16

Hinango mula sa *“Run with the Vision”* ni Bill at Amy Steams at Bob Sjogren. Ginamit nang may pahintulot.

Lesson 5 Follow up Questions

1. Ano ang mga pangunahing pagkakaiba ng Muslim at Kristiyano?
2. Ano ang mga pangunahing pagkakaiba ng Hindu at Kristiyano?
3. Ano ang mga kinakakatakutan mo kung magbabahagi ka ng Ebanghelyo sa isang Hindu o Muslim?
4. Paano mo magagamit ang mga impormasyong ito sa praktikal na paraan ngayong linggo?

Lesson 6
Limang Bloke ng Pangunahing Relihiyon
(Part 2: Buddhists, Tribals, and Chinese)
nina Bob Sjogren at Bill at Amy Steams

Mga Buddhista na Hindi pa Naaabot
Bawat umaga sa Sri Lanka, Tibet, Thailand, Vietnam at iba pang mga bansang Buddhista, tahimik na kumikilos ang mga monghang (monks) nakasuot ng kulay orange sa bahay-bahay upang mangolekta ng pagkain. Ang mga pari ay hindi nagsasabi ng pasasalamat para sa mga kaloob ng ito, sapagkat ang pakiramdam nila'y binibigyan nila ang mga tao ng pabor, na ito'y nagbibigay sa mga tao ng merito upang kamtin ang mas mataas na estado ng buhay sa susunod na reincarnation.

Ang Buddhismo ay naaayon sa mga aral ni Siddhartha Gautama noong 6th-century B.C., na bandang huli ay nakilala sa pangalang Buddha. Ang kanyang pokus ay nasa tao, hindi sa mga diyos. Itinuro niya na ang buhay ay isang disenyo ng sakit at pagdurusa na bunga ng pagnanasa. Ang paghinto sa lahat ng makataong pagnanasa kung gayon, ay magiging sinyales ng pagtatapos ng pagdurusa. Ang layunin ng buhay ay kumilos nang napakabilis hanggat maaari patungo sa pagkawala ng pagnanasa, na tinatawag ng nirvana.

Noong ika-3 siglo B.C. ang mga aral ng Buddhismo ay naging malinaw sa anyo ng kasulatan sa wikang Pali (may kaugnayan sa Sanskrit) sa isla na ngayon ay Sri Lanka.

Ang pilosopikal na aspeto ng Buddhismo – ito ay walang kinalaman sa Diyos – ay nakikita sa doktrina ng *anatta*. Ang turong ito ay nagsasabing ang isang tao ay walang kaluluwa- walang sentrong persona na nabubuhay. Ang isang tao sa halip, ay binubuo ng limang khandas o "kabuuan", na nagbibigay ng ilusyon tungkol sa pagkakakilala ng isang tao. Ang ilusyong ito ay maaalis lamang kapag ang mga tensiyon ng pagdurusa at pagnanasa ay mapawi sa pamamagitan ng disiplina. Ang disiplina ay hahantong sa nirvana *(*kawalan o kahubaran), ang estado kung saan ang kawalan ng pagnanasa ay magdudulot ng pagkaperpekto at lubos na kapayapaan.

Sa karaniwang gawain, ang Buddhismo ay kadalasang humihiling ng anyo ng merito- paggawa ng mga kilos at mga piyesta at seremonya ng Buddhist. Sa kalaganapan ng mga bansang Buddhist, ang mga mongha ay inaanyayahan ng mga mamamayan upang I-chant (tula na parang kanta) ang *sutras*, mga pormula para pagpalain at proteksiyonan, sa lahat ng mga seremonya sa bahay o sa punerarya o sa mga serbisyo para sa pag-alala para sa pakinabang ng mga namatay na na cremated.

Para sa karaniwang tao, ang prinsipyo ng Buddhismo ay ang Noble Eightfold Path na naglalaman ng limang don'ts: Don't steal (magnanakaw), lie (magsisinungaling), take a life (papatay), engage in illicit sex (makisali sa maling gamit ng sex), drink liquor (uminon ng alak).

Karamihan sa mga Buddhists ay binabawasan din ang kanilang relihiyosong pagtatalaga sa isang simpleng disenyo ng pag-iipon ng mga merito para sa mabuting karma, ang buod ng lahat ng positibo at negatibong gawa sa buhay ng isang tao. Ang Buddhismo, na ginagawa ng karaniwang tao, ay karaniwang panlabas ng mga paggawa ng mabuti sa mga mongha na makapagbibigay sa kanila ng merito, sa pakikilahok sa mga seremonya at rituwal at ang pagbigay ng tulong sa pagpapagawa at pagmimentena ng lokal na templo nila.

Kahit na ang Buddhismo ay nagtuturo na ang mga tao ay nakulong sa *samsara*, ang walang hanggang pag-ikot ng pagsilang at kamatayan. Kung saan ang karma ng isang tao ay kumukilos ng habang panahon sa muli't-muling pagsilang, o reincarnation, kaunti lamang ang mga karaniwang Buddhists ang naglalagay ng malaking pansin sa mga pag-ikot na ito. At ang baiting ng paglitaw sa kinabukasan o sa pagkakamit ng nirvana sapagkat ang kanilang buhay ay abala sa mga simpleng pakikipagtunggali upang mabuhay. Ang interes na makaipon ng merito ay mas malaking kinalaman sa pagkakaroon ng pinaunlad na buhay ngayon.

Maraming karaniwang tao na sumusunod sa Buddhismo ay may simpleng damdamin na walang ibang

makapag-iingat sa kanyang sarili mula sa walang hanggang kaugnayan sa batas ng karma dahil sa ang naunang anyo ng buhay ay nagdikta kung ano ang lebelo ng pagdurusa. Ang kasawiang ito ay nagdudulot sa maraming tao na gawin ang mga anyo ng Buddhismo, habang sila'y naniniwala pa rin sa paglitaw ng mga iba't-ibang espiritu. Sa ilalim ng pilosopiya ng Buddhismo- kung saan walang Diyos at ang tao ay walang indibiduwal na kaluluwa- karamihan ng mga Buddhists ay nagtataglay ng malalim na paniniwala sa mga espiritu, na kanilang kinakatakutan.

Tribal Unreached Peoples (Mga Tribung mga Taong di pa Naaabot)
Depende kung papaano binibigyang kahulugan ng mga mananaliksik ang ibig sabihin ng "people group," mayroong 3,000 hanggang 6,000 grupo ng mga tribu na di pa naaabot sa buong daigdig. Sila'y matatagpuan sa mga lugar na inaasahan mo, tulad ng Irian Jaya, Papua New Guinea, Amazon Basin, at sa alinmang bahagi ng continente ng Africa. Ngunit sila'y matatagpuan din sa iba't-ibang sulok ng daigdig. Ayon kay Dave Sitton, director ng Institute of Tribal Studies, na nakabase sa Los Tresnos, Texas. Karamihan sa 2,000,000 lagalag sa daigdig ay mga tribu.

Ang kadalasang pagiging tago ng mga grupo ng mga tribu ay nagpapalakas sa kanilang kawalan ng pagtitiwala sa mga taga-labas. Ang takot sa mga di-kilalang espiritu ay pumipigil sa kanilang maghanap ng mga bagong teritoryo at ganoon din ang mga bagong ideya. Subalit ang pinakamahirap na problema ng mga misyonero sa mga tribu ay ang pagtatagumpay sa cargoism– ang apela ng mga taga-labas, lalo na ang mga gamit at kayamanan ng mga puting tao.

Upang malaman pa ang maraming bagay tungkol sa mga *Tribal People of the World,* hanapin ang mga sumusunod na aklat:

Don Richardson, *Peace Child* (Regal Books/Gospel, 1975)
Don Richardson, *Lords of the Earth* (Regal Books/Gospel, 1977)
Don Richardson, *Eternity in their Hearts* (Regal Books/Gospel, 1981)

Chinese Unreached People (Mga Intsik na di pa Naaabot)
Ang tanging malaking bloke ng mga taong di pa naaabot na di binibigyan ng malaking kahulugan sa pamamagitan ng relihiyon kundi sa pamamagitan ng political boundary ay ang mga Chinese People. Ang nagpapahirap upang bigyan ng sapat na katangian ang blokeng ito ay ang gobyerno ng China, at dagdag pa rito, ang mga tao ng China ay ipinagpatuloy ang ideya ng "Great Tradition" (Dakilang Tradisyon)- na ang mga Chinese ay isang lahi, nagbabahaginan ng kultura, komunikasyon, at mga pamamaraan ng pagganap ng mga bagay-bagay. Sa liwanag ng lahat ng ito, ang gobyernong Intsik ay kumikilala sa isang malaking kapulungan ng mga tao, ang Han at tanging 55 minoridad ng mga tao na nasa paligid ng People's Republic of China.

Sa kabila ng pagkakaiba-iba, maaaring magpahayag ng di maliwanag ang iba tungkol sa bloke ng mga di pa naaabot na mga Intsik. Halimbawa, ang blokeng ito ay nagpapakita ng dalawang impluwensiya, ang sinaunang confucianismo at makabagong communismo.

Si Confucius (551-479 B.C.) ay nagbigay tuon sa alituntunin na kailangan para sa sosyodad. Ang mga aral niya ay nananawagan sa mga Intsik na bigyang halaga ang sosyal na pakikipagrelasyon, mamuhay ng maayos na may paggalang, at respeto sa isa't-isa at papurihan ang pagtanggi sa sarili bilang susing paraan upang makinabang ang lahat. Itinuturo ng Confucianism na ang mga tao ay sadyang mabuti, bagamat ang kabutihan ng isang tao ay maaaring manghina at masira sa pamamagitan ng kasakiman, makasariling ambisyon at maling pamumuno.

Ang katotohanan na ang komunismo ay nakapasok sa sosyodad ng mga Chinese sa nakabalot na buntot ng Confucianismo ay hindi isang surpresa. Kahit na ilang daang bilyong mga Intsik ay di talagang nag-iisip na sila'y komunista, ang kaisipan nilang pangkultura ay nagpapakita ng mga idolohiya ng komunista tulad ng: (1) pagpapasakop sa isang tao alang-alang sa kabutihan ng lahat, (2) ang kasamaan ng sosyodad ay naaayon sa klase ng ekonomiya, at (3) ang magaganap na paraiso ng mga manggagawa.

Ang Chinese Communistic/Confucianistic na kaisipan ay nanghahawak na:

- Ang tao ang nagpapasiya sa sariling kapalaran
- Ang relihiyon ay isang mapanganib na pantasya- “ang pampatulog ng mga tao”
- Ang makatuwirang pag-iisip– science- ay umaakay sa katotohanan.

Sa ganitong kaisipan, marami sa mga grupo ng mga tao sa China ang nagtatakwil sa Kristiyanismo. Ang pagtatakwil na ito ay lalong mapakla nang mapahalo ang galit ng mga Intsik na nararamdaman pa rin ng marami sa kanila hanggang ngayon dahil sa mga makasaysayang pagkakamali ng mg “kristiyanong” mga bansa sa pakikialam nila sa mga gawain ng China.

Ang pag-alam sa uri ng mahigit isang bilyong Chinese citizens ay simple lang. Ngunit ang pangunahing katangiang ito ay makakatulong upang ipaliwanag ito, habang nasa gitna ng pinakamalaking paglago ng Iglesia sa daigdig, ang bilang ng mga Chinese people groups na bumubuo ng daang-milyong mga indibiduwal ay hindi pa rin naaabot.

Tingnan ang mga talatang ito:
Hebreo 9:27
Awit 14:1
Josue 24:14-15

Hango mula sa *“Run with the Vision*” ni Bill at Amy Stearns at Bob Sjogren. Ginamit nang may pahintulot.

Lesson 6 Follow-up Questions

1. Ano ang alam mo tungkol sa Tribal religions?
2. Ano ang pagkakaiba ng paniniwala ng mga Buddhismo sa paniniwala ng mga Kristiyano?
3. Mayroon bang Buddhismo o Intsik sa inyong lugar? Saan?
4. Anong mga puntos ang iyong babanggitin kung nagbabahagi ka sa isang Buddhismo?
5. Bakit ang mga internationals ay karaniwang di pinapansin sa mga campus?

LESSON 7
Mga Karaniwang Narinig na Dahilan Kung Bakit Ayaw Maging Isang Misyonero
Ni Todd Ahrend

"Pero di ko nararamdamang tinawag ako?"
Ito ang isa sa pinaka-nangingibabaw na dahilan ngayong panahon. Ang kahiya-hiyang… "Hindi ako tinawag ng Diyos sa ibang bayan." Kaya papaano tayo tutugon sa ganitong dahilan? Una, kung gagamitin mo ang pag-aaral ng salita sa salitang "tinawag" matutuklasan mo na ang kadalasang gamit dito sa Kasulatan ay ang pagtawag upang lumapit kay Kristo para sa kaligtasan. Sa totoo lang, si Apostol Pablo ay nagturing na katumbas ng paglapit niya kay Kristo ang pananagutan na abutin ang lahat ng mga bansa. Pakinggan mo ang sinabi niya sa mga taga-Galatia, *Dahil sa kagandahang loob ng Diyos, hinirang Niya ako bago pa ipanganak, at tinawag upang maging lingkod Niya. At nang ihayag Niya sa akin ang Kanyang Anak, upang ang Mabuting Balita ay maipangaral ko sa mga Hentil (mga bansa)* (Galatia 1:15-16) Nauunawaan ni Pablo na mayroon siyang pangkalahatang obligasyon na dalhin ang Ebanghelyo sa lahat ng mga bansa dahil lamang sa ipinaabot ng Diyos ang kaligtasan sa kanya. Pangalawa, nang si Pablo sy nakatanggap ng "tawag" tungo sa espisipikong lugar para sa ministeryo, ay habang aktibo siyang naglilingkod at nag-aayuno (Gawa 13:1-4) Ang maraming tao, habang itinatangis na "hindi ako tinawag" ay ginagamit lang ito upang tumakas at malayo naman sila sa paglilingkod at pag-aayuno sa harapan ng Diyos upang makahanap ng ibang direksiyon. O, siyanga pala, ang huling talata sa Gawa 12 ay nagsasabi tungkol sa kung papaanong si Pablo'y kababalik lamang sa una niyang mission trip! Kitang-kita naman, si Pablo'y nag-iisip na pinakamabuti ang maging masunurin sa layunin ng Diyos sa sanlibutan sa halip na mapigilan dahil sa paghihintay sa mga espisipikong bagay o utos. Kaya sa susunod na maisip mong hindi mo naramdaman na tinawag ka, tanungin mo ang iyong sarili kung ilang mission trips na ang sinalihan mo at gaano kadalas kang nag-aayuno tungkol sa isang pasiya?

"Walang kabuluhan ang sabihing wala kang espesyal na tawag na humayo sa China. Sa mga katotohanang nasa harapan mo at sa utos ng Panginoon upang humayo at ipangaral ang Ebanghelyo sa bawat nilalang, sa halip dapat mong tiyakin kung may espeyal ka ngang pagkatawag na manatili sa iyong tahanan." -J. Hudson Taylor

"Subalit hindi ako papayagan ng mga magulang ko."
Aminin natin; ayon sa kasaysayan tayo ay nakagawa ng masasamang pasiya. Ganoon ang bawat isa sa atin! Iyan ay bahagi ng paglago! Kung gaano katotoo ito, totoo rin na ang mga magulang natin ay nakita ang bawat di magandang pagpili natin. Ang pakikipag-date at pakikipag-break sa mga maling tao, ang pagiging di kuntento sa kotse o trabaho, pagpalit ng major courses dalawa o tatlong beses at marami pang listahan. At ngayon ay pupunta ka sa isang mission trip sa Sudan. Parang isang masamang ideya na naman sa tenga ni mommy at ni daddy. Pwede ba natin silang sisihin? Mayroong dalawang klase ng magulang na tatangging pasamahin ang kanyang anak sa isang mission trip – iyong mga nagsasabi ng totoo at iyong hindi. May mga magulang na magsasabi, "kung tutuloy ka sa mission trip na ito, huwag ka nang umuwi at huwag mo nang planohing bayaran ang kotse, o ang pag-aaral mo sa kolehiyo pagbalik mo." Sa kasong ito papayuhan kitang makinig at maghintay hanggang sa medyo lumambot ang tugon nila tungkol sa ideya mo. Pakinggan mo ang payo ng iyong mga magulang habang ikaw ay nasa ilalim pa ng kanilang awtoridad. Samantala, gugulin mo ang bakasyon mo sa pag-abot sa mga taga-ibang bayan sa iyong pamayanan. Ang ibang magulang ay nagsasabing hindi tulad ng usok sa tabing para lang makita nila kung ang kanilang anak ay seryoso o ito'y pampalipas oras lamang. Ang ganitong pagkakaiba sa ganitong uri ng magulang ay kapag sila'y patuloy na nabibigyan ng impormasyon, at nakikita nila ang kanilang anak na gumagawa ng mga responsabling hakbang sa pagsama sa trip at lalong nagiging interesado, nagkakaroon sila ng pagtitiwala sa desisyon ng kanilang anak at sa bandang huli ay magpapahintulot din. Maraming mga magulang ang tulad ng pangalawa. Kadalasan hindi ang magulang ang talagang usapin dito kundi ang mag-aaral na nagtatago sa likod ng sitwasyon na di naman talaga nangyayari.

"Ang pagsunod sa tawag ni Kristo ay halos madalas na may kapalit ng lahat-lahat sa dalawang tao- ang taong tinawag, at ang taong umiibig sa tinawag na iyon." -Oswald Chambers

"**Pero hindi ako handa *spiritually* para humayo.**"
Nang ako ay nasa kolehiyo ito ang isang kinahulugan ko. Ako ay nahamon na ibigay ang aking bakasyon sa pag-abot sa mga Muslim sa North Africa sa loob ng 8 linggo ng isang tao na masigasig sa pagmimisyon. Ang sagot ko sa kanya ay, "Hindi pa ako handang humayo!" Hindi siya nagdalawang isip na sumagot. "Ok, bibigyan kita ng 20 minuto… maghanda ka." "Ano, hindi, hintay! Palagay ko di mo ako naintindihan!" Akala ko… Sa totoo, naintindihan niya ako talaga. Madalas ang hinihintay natin ay hindi na tayo magkakasala pa, upang maging lubos na puro ang ating motibo o ibigin ang mga tao tulad ng pag-ibig ni Kristo! Kung ganyan, hindi tayo kailanman magiging handa. Ang mga misyonero ay totoong tao na may totoong problema. Walang isa man na nakakaabot sa isang espirituwal na estado at saka maging kwalipikado. Ang totoo, ang proseso ay gumagawa sa baliktad na paraan. Kapag ang isang tao ay humayo at nasagap ang totoong pangitain para sa mga bansa, napagtanto ang malaking tungkuling nasa mga kamay niya, makikita nila ang dagdag na kalapitan kay Kristo. Kung ang layunin sa harapan natin ay maliit, ang pagsandal natin sa Panginoon ay maliit din. Sa kabilang dako, kung ang ating mga adhikain ay malaki, ang ating pagsandal sa katapatan ng Diyos ay malaki. Si K.P. Yohannan, Director of Gospel for Asia, ay nagsabi na kung ang isang tao ay naging Kristiyano nang mahigit pa sa 8 linggo, pwede na sila.

"Lahat ng resources ng Diyos ay nasa ating pagpapasiya." -Jonathan Goforth

"Subalit wala akong ganyang kalaking pera!"
Ito ang karaniwang dahilan na naririnig ko. "Hindi ako makakapunta sa nayong iyon at magsimula ng isang Iglesia, dahil wala akong pamasahe." "Kung ako'y pupunta doon, papaano ako kakain?" Maaaring totoo na wala kang maraming pera, pero dalawang bagay ang gusto ng Diyos na matutuhan mo: Siya ang may-ari ng lahat ng bagay at sinuman ang tinatawag Niyang humayo, Siya ang magkakaloob. Natutuhan ni Abraham na ang Diyos ang nagkakaloob matapos siyang sumunod (Gen. 22). Nakita ni Pedro ang pera sa bibig ng isda matapos siyang sumunod at nangisda. Si Elias ay pinagkalooban ng pagkain matapos niyang sundin ang Diyos at humayo at tumira sa tabi ng sapa. Ang kakulangan ng salapi ay hindi isang katuwiran. Ito ay isang dahilan lamang! Simulang sundin ang Diyos sa maliliit na bagay. Simulang pagtiwalaan ang Diyos na ipagkakaloob ang iyong mga pangangailangan. Kilalanin mo Siya bilang isang Provider. Kaya, kapag hiniling Niya sa iyo na humayo, ikaw ay kaagad na susunod, dahil alam mong Siya ay magkakaloob.

"Ang gawain ng Diyos na ginawa sa paraan ng Diyos ay di magkukulang ng mga pagkakaloob ng Diyos." -J. Hudson Taylor

"**Ngunit papaano ang mga pangangailangan dito**?"
Ito ang isa pa sa pinakakaraniwang dahilan. Kadalasan kong sinasagot ito sa halimbawa ng "triage". Ito ay isang medical term na ang kahulugan ay yaong may pinakamalalang pinsala ay mas dapat umalis nang higit sa ibang mga napinsala. Kaya kung mayroong dumating sa emergency room na naputol ang isang paa, uunahin nila ang taong iyon kaysa sa taong naghihintay dahil napilayan ang bukong-bukong. Bakit ganoon? Dahil ba mas mahal ng mga duktor ang naputulan ng paa kaysa napilayan lamang ng bukong-bukong? Siyempre hindi. Mas matindi ang pangangailangan niya kaya siya ang dapat unahin. Paano kung ang gawin din natin sa pagmimisyon, tawagin nating "missionary triage"? Simple lang ang aplikasyon nito: Ang mayroong pinakamalaking pangangailangan, pinaka-di pa naaabot, walang Iglesia ay dapat na unahin kaysa sa mga kulturang marami nang naitatag na Iglesia. Si Keith Green, isang masigasig na mang-aawit na sumama sa misyon, ay nagsabi, "Dahil ang Amerika ay mayroon lamang mga 5% ng populasyon ng daigdig, kaya limang porsiyento lamang ng mga mananampalataya ay dapat na talagang tawagin na manatili sa bansa bilang patotoo (siguro'y 1 mula sa 20) samantalang ang sobra doon ay dapat magtungo sa mga bahagi ng daigdig kung saan halos 0% ng mananampalataya." Sa kasamaang palad, hindi ganito ang nangyayari – sa kabaligtaran, 95% ng mga mananampalataya ay nananatili sa loob ng United States. Mayroon bang pangangailangan sa United States? Walang duda? Imposibleng lumakad sa paligid ng campus ng isang kolehiyo sa Amerika na di ka makakakita ng pangangailangan para sa mas maraming manggagawang Kristiyano. Subalit may isang bagay na dapat alalahanin, palaging mayroong pangangailangan sa Amerika. Ang pangangailangan ay nasa lahat ng dako. Siguro ay panahon na para huminto sa pagbibigay pansin sa pangangailangan sa halip ay bigyang pansin ang pinakamalaking pangangailangan – yaong mga walang paraan upang marinig ang Ebanghelyo.

“Ang maliit na grupo ng mga mananampalataya na mayroong Ebanghelyo ay paulit-ulit na pinag-uusapan ito sa kanilang sarili. Samantala, milyun-milyon na hindi pa nakarinig nito ay minsang nahuhulog sa apoy ng walang hanggang impiyerno na hindi man lang narinig ang kwento ng kaligtasan.” -K.P. Yohannan

“**Pero hindi ba’t ang mission field ay mapanganib na lugar para puntahan?”**
Ang mga Israelita ay naharap sa isang mahalagang pagpili matapos silang umalis bilang mga alipin sa Egipto. Sa paglapit nila sa dulo ng lupa kung saan sinabi ng Diyos na aangkinin nila, nagsimula nilang malaman ang kahalagahan ng pagsunod. Ang lupain ay tinitirhan ng mababangis na higanteng mga lalaki! Nag-aalinlangan sila tungkol sa utos ng Diyos, ang Kanyang mga pangako at ang Kanyang Pagliligtas sa kanila mula sa Egipto. Biglang naging mas kaakit-akit sa kanila ang pagsuway sa Diyos at pagbabalik sa Egipto dahil sa panganib at tiyak na kamatayang naghihintay sa kanila. Ganito ang kanilang tugon: *Mabuti pang mamamatay na tayo sa Egipto o kaya’y sa ilang kaysa patayin ng ating kaaway sa lupaing pinagdalhan sa atin ni Yahweh at bihagin ang ating asawa’t mga anak. Mabuti pa’y bumalik na tayo sa Egipto*. (Bilang 14:3). Ipinaliwanag ni Keith Green: “Lahat ito ay tungkol sa kung ano ba ang talagang dapat unahin-nakatingin ba tayo sa pansamantala o sa walang hanggan sa paggawa ng ating mga pasiya? Totoo na maaaring mas mapanganib na magtungo sa mission field kaysa sa labas ng lungsod ng Amerika, ngunit iyon ay bahagi ng halaga na kailangan nating ipagkaloob sa paglilingkod sa Diyos. Ang tanong ay hindi, ako kaya magiging ligtas saanman ako magpunta? Kundi, ‘Ano ang nasa puso ng Panginoon na gusto Niyang gawin ko?’ Kung pinili ni Jesus ang daan kung saan kakaunti ang sakit, hindi siya magpupunta sa krus. Wala nang ibang lugar upang magkaroon ka ng mas malaking pagpapala kundi ang sentro ng Kalooban ng Diyos. Dapat kang huminto upang bilangin ang halaga, ngunit alalahanin mo ang isang bagay- prebelihiyo ng paglilingkod sa Diyos ay laging mas matimbang kaysa halagang ibinigay natin.” Lalaki lamang ang usaping ito lalo na dahil sa pagdami ng mga digmaan, banta ng giyera, pagkikidnap at terorismo. Masusukat ang isang tao kung gaano kalaki ang maaaring pumigil sa kanya. Ano ang kailangan upang pigilin ka? Magbalik ka sa Salita ng Diyos, at tumingin ka sa mga nauna at inihandog nila ang kanilang buhay na sakripisyo. Walang pangako na ika’y palaging ligtas at totoo ang mga panganib, ngunit ang biyaya Niya ay sapat sa atin.

“Ang iba’y nagnanais na tumira sa malapit upang marinig ang kampana ng isang kapilya, ang gusto ko’y magpatakbo ng isang shop na nagliligtas malapit sa bakuran ng Impiyerno.” –C.T. Studd

“**Subalit ako’y hindi handa sa ganyang klase ng sakripisyo**.”
Ito ang ugat ng lahat ng mga dahilan – pag-iwas sa buhay na may sakripisyo. Para sa ibang tao, nang lumapit sila kay Kristo tinawag lang nilang Kristiyano ang mga bagay na ginagawa nila noon. Ganito ang kanilang katuwiran: “Ako ay magiging guro, kaya ngayon ako ay magiging Kristiyanong guro. Ako ay magiging engineer, kaya ngayon ako ay magiging Kristiyanong engineer.” Madali lang idagdag si Kristo sa mga nauna na nating plano. Kung ganito ang iyong dahilan, nahulog ka na rin sa ganitong bitag. Kaya, ang kaisipan ay “bakit ko gugustuhing magtungo sa mission field, ‘yan ay seryosong sakripisyo.”

Sa 2Corinto 5:17 mababasa natin, *kaya’t ang sinumang nakipag-isa kay Kristo ay isa nang bagong nilalang. Wala na ang dating pagkatao, siya’y bago na.* Ito’y nangangahulugan na lahat ng ating pagnanasa at pamumuhay sa ilalim ng ating paghahari ay natapos na. Ito ang minimum, ang baiting ng pagpasok sa pagtatalaga hindi isang mataas tulad ng isang super-spiritual commitment na kakaunti lang ang nakakaabot. Hinahamon tayo ni Jesus na isaalang- alang ang halaga ng pagsunod sa kanya bago ang kaligtasan hindi pagkatapos.

Lukas 14:28-33 *Kung ang isa sa inyo’y nagbabalak na magtayo ng tore, hindi ba uupo muna siya at tatayahin ang magugugol para malaman kung may sapat siyang salaping maipagpatapos niyon? Baka mailagay ang mga pundasyon ngunit hindi naman maipatapos – siya’y kukutyain ng lahat ng makakita nito. Sasabihin nila: ‘Nagsimulang magtayo ang taong ito pero hindi naipatapos. O sinong hari na makipagdigma sa kapwa hari ang hindi muna uupo at pag-aralang mabuti kung ang 10,000 niyang kawal ay maisasagupa sa kalaban ng may 20,000 tauhan? At kung hindi niya kaya, malayo pa ang kalaban ay magsusugo na siya ng mga kinatawan upang makipagkasundo. Gayon din naman, hindi maaaring maging alagad ko ang sinuman, kung hindi niya tatalikdan ang lahat sa kanyang buhay.*

Sa aklat ni Erwin McMams, *An Unstoppable Force,* binanggit niya ang kanyang karanasan sa paglago niya bilang isang bagong Kristiyano. Matapos ang kaniyang pasiya na sumunod kay Kristo at maligtas siya ay humarap sa pangalawang tawag sa altar, ang tawag sa pagkapanginoon. Ilang lingo pa ang lumipas, mayroon na namang isang tawag sa altar, ang tawag sa ministeryo. Matapos iyon, dalawa pang tawag – ang tawag para sa ministeryo sa tahanan at ang tawag para sa ministeryo sa ibang bayan. Ipinaliwanag niya:

"Kaya ngayon nadiskubre ko ang limang baiting ng mga tawag ng Diyos- ang tawag para maligtas, ang tawag para si Jesus ang maging Panginoon, ang tawag sa ministeryo, ang tawag para sa home missions at ang tawag para sa foreign missions…bakit napakaraming baiting ng Christian calling sa ating makabagong komunidad ng mga Kristiyano? Saan sila matatagpuan sa Bibliya? Mayroon akong kakaibang suspetsa na ang pagkakaiba ng mga tawag na ito ay kaunti lang ang kinalaman sa teolohiya at malaki ang kinalaman sa kondisyon ng Iglesia. Parang para kay Pablo, may isa lamang tawag. Sinulat niya kay Timoteo, '*Huwag mong ikahihiya ang pagpapatotoo tungkol sa Panginoon o ang aking pagkabilanggo dahil sa Kanya. Sa halip makihati ka sa kahirapan dahil sa Mabuting Balita, sa tulong ng Diyos na nagligtas at tumawag sa atin upang tayo'y maging kanyang bayan. Ito'y ginawa niya sa pamamagitan ni Kristo Jesus, hindi dahil sa ating mga gawa kundi ayon sa kanyang layunin at kagandahang-loob na inilaan sa atin bago pa nagsimula ang panahon'.* (2Timoteo 8-9) Parang ginawa ng Kasulatan na simple ang proseso ng pagtawag. Ang isang tawag ay ialay ang iyong buhay sa paanan ni Jesus at gawin ang anumang hingin niya."

"Kung si Jesu-Kristo ay Diyos at namatay para sa akin, walang sakripisyo na napakalaki para sa akin na gagawin ko para sa Kanya." -C.T. Studd

LESSON 7 Follow Up Questions

1. Ano ang iyong mga dahilan?
2. Ano, sa iyong opinyon, ang pinakakaraniwang dahilan ng mga college students para di humayo?
3. Sa pakiramdam mo ba'y tinawag ka upang manatili sa tahanan mo? Ipaliwanag.
4. Papaano mo ito isasagawa sa iyong buhay?

Lesson 8
Grupo ng mga Tao
ni Claude Hickman

Kung bibigyan ka ng trabaho ng isang tao, napakahalaga na hawakan mong mabuti ang gawain mo, kasama ang kahulugan ng gawain mo. Kung bibigyan ka ng Diyos ng gawain, pinakamahalaga sa lahat na malaman mo ang kahulugan ng gawain mo. Ipinangako ng Diyos na aabutin ang lahat ng bansa sa daigdig at inutusan tayo bilang Kanyang mga ambassadors sa gawaing iyon. Upang maging mabuting katiwala ng misyong ito, dapat tayong magkaroon nang mahigpit na pisil o hawak sa lawak ng tungkulin, na, sa gawain ng pagmimisyon sa buong daigdig, ay nagdadala sa atin na tingnang mabuti ang mga termino na ginagamit ng Bibliya para sa tungkulin. Ilan sa mga ito ay kasama ang mga bansa, mga tao, mga tribu, at mga wika.

Sa Bagong Tipan, ang salitang Griego para sa "mga bansa" ay *ethne.* Dito nanggagaling ang English na salitang ethnicity. Ito ay nangangahulugang tulad ng ethnic group. Ang ideyang ito ay mas espisipiko kaysa sa pampulitikang bansa o estado na iniisip natin tulad ng Indonesia, Turkey o Nigeria. Ang anthropologist ay tatawagin itong *ethne* isang "people group." Ang grupo ng mga tao ay ang pinakamalaking grupo kung saan ang Ebanghelyo ay maaaring kumalat ng walang makakasagupang hadlang tungkol sa pang-unawa o pagtanggap dahil sa kultura, wika o lugar, at iba pa.

Kunin nating halimbawa ang India. Sa India ay mayroong daan-daang iba't-ibang etnikong lahi ng mga tao, pero bakit sa gitna ng mga grupong ito ng mga etniko ay may mga pagkakahati-hati na ginawa ayon sa libu-libong wika na kanilang sinasalita. Lalo pa itong nagiging kumplikado. Sa isang wika at ethnic group mayroong mga pagkakahati-hati sa nga relihiyon na nagiging dahilan kung bakit hindi nagkakaroon ng interaksiyon ang mga tao sa isa't-isa, at minsan pa ay nagreresulta ng pakikipagpatayan sa mga ibang grupo. Ngayon, kahit na sa gitna ng mga magkakaparehong ethnic groups, wika at relihiyon, marami pa ring pagkakahati-hati; ito'y mga social divisions. Sa India ito'y tinatawag na Caste System. Ang bunga nito ay mahigit na 4,600 people groups sa India na nakikita ang kanilang sarili sa isang grupo ng mga taong hiwalay sa iba. At dahil sa kanilang pagkakaiba-iba karamihan ay malayo sa Ebanghelyo. Kahit pa sila ay malapit, ang mensahe ni Kristo ay maaring nasa wika na di nila nauunawaan o nasa kultura ng di katanggap-tanggap. Sa madaling salita, wala silang interaksiyon sa ibang grupo ng mga tao sa paligid nila na maaaring nakakaalam ng Ebanghelyo. Dapat ay mayroong liliban sa hangganan upang maabot sila. Ito ang gawain ng pagmimisyon: ang dalhin ang Ebanghelyo sa bawat grupo ng mga tao. Kapag nagsalita ang Bibliya tungkol sa mga bansa, mga tribu, mga wika, mga tao, ito ay tumutukoy sa parehong misyon; ang pag-abot sa lahat ng grupo ng mga tao.

Ang pangako ng Diyos ay ang "lahat ng mga bansa (grupo ng mga tao) ay pagpalain sa pamamagitan mo." (Gen. 12:1-3) Ito ay nangangahulugan na lubos na nagmamalasakit ang Diyos sa pag-abot sa bawat isa at nabubuhay na mga grupo ng mga tao. Sa totoo lang, lubha Siyang nagmamalasakit sa pag-abot sa kanilang lahat na Siya ay nag-iingat ng detalyadong tala ng katuparan ng Kanyang ng pangako. Sa Awit 87:4-6, sinabi ng Panginoon, *Aking ibibilang si Rahab at ang Babilonya sa mga nakakakilala sa Akin… Siya'y gagawa ng isang talaan ng lahat ng taong doo'y mamamayan, 'Ang isang ito'y isinilang doon.'* Makikita natin na itinakda ng Diyos ang rehistro ng mga Tao, lahat ng Kanyang dadalhin sa langit. Isang araw ay gagawin nila ang isang multicultural worship service na makikita sa Pahayag 7:9.

Kaya, kung ipinangako ng Diyos na aabutin silang lahat at tayo ay inutusan na puntahan silang lahat, kinakailangang maging pamilyar tayo sa tungkuling nalalabi at tipunin ang buong Iglesia upang targetin silang lahat. Sa ngayon ay may 24,000 people groups sa planetang earth at mayroong mga 9,000 itinuturing na hindi pa naaabot. Ang Great Commission ay hindi pa matatapos. Ito ay maaaring sukatin at tapusin. Ang tanong ngayon ay; ano ang grupo ng mga taong di pa naaabot?

Sinabi ni Ed Dayton, "Ito ay grupo ng mga tao kung saan sa gitna nila ay wala pang katutubong komunidad ng mga mananampalatayang Kristiyano na may sapat na bilang at pangangailangan upang pangaralan ng Ebanghelyo ang sarili nilang mga tao. Sa madaling salita, ang mga people groups na di pa naaabot ay walang Iglesia na may bilang at lakas upang abutin ang sarili nilang mga tao. Maliwanag, kung walang Kristiyano sa gitna ng grupong ito, walang magbabahagi ng Ebanghelyo sa kanila. At ito ang

sitwasyon sa nakita nating 2.1 bilyon na mga tao sa mundo. Sila ang mga grupo ng mga tao na walang Iglesia na maaaring magsabi sa kanila ng Mabuting Balita tungkol kay Jesu-Kristo!

Niliwanag ni Tom Smith kung ano ang hindi unreached people group sa pagsasabing, "Dahil ang unreached group ay tumutukoy sa grupo ng mga tao na walang nabubuhay at nauugnay na Iglesia, ang isang di Kristiyanong kapitbahay ng marami sa mga Amerikano ay hindi tatawaging *'unreached'* (di pa naaabot) sila ay di pa ligtas at kailangan ang Ebanghelyo ni Jesu-Kristo. Subalit maaaring mayroong Iglesia na pwede nilang puntahan sa kanilang sariling wika at kultura. Maaari silang magtungo sa Iglesiang iyon kung gugustuhin nila. Sa madaling salita, maaari silang tawaging *'unsaved'* (di ligtas) o 'unevangelized persons', (taong di pa nabahaginan), subalit hindi 'unreached' (di pa naaabot) sapagkat sila ay bahagi ng *'reached group"*(grupo ng mga naabot na).

Hindi lamang nagmamalasakit ang Diyos sa pag-abot sa mas marami pang tao tulad ng gusto Niya sa pag-abot sa bawat *People Group*. Nais kong hiramin ang ilustrasyon mula kay John Pier kung saan pinaghahambing niya ang dalawang lumulubog na sasakyang dagat. Kung ang pangako ng Navy General na kahit alin sa mga barko niya ang lumubog ay siguradong mayroong maliligtas mula sa barkong iyon at kung naglista siya ng kanyang mga tauhan para sa layuning ito, ano ang gagawin ng mga tauhan kung dalawang barko ang lumubog nang sabay? Matapos tulungan ang naunang barko at nakita mong napakalaki ng pangangailangan, maaari mo na bang gawing katuwiran na manatili na lang kayo sa barkong ito upang makapagligtas ng mas marami at di na kayo pupunta sa isa pang lumulubog na barko? O maaari mo pang sabihin na kulang na sa lakas at panahon para magtungo pa kayo sa isang barko, mas magiging mabuti kang katiwala kung mananatili kayo dito sa naunang barko. Baka ang mga tao sa isang barko ay ayaw patulong, at magiging mas mabunga rito para sa mga di marunong lumangoy. Marami ang pangangailangan dito. Subalit hindi ganito ang utos ng General. Tiyak ang iniutos niya sa kanyang mga tauhan na magliligtas ng tao mula sa parehong barko, hindi lamang sa isa. Kaya kailangang dalhin ang rescue boat sa bawat barko. Dapat ay mayroong kinatawan sa barko na makaligtas at dadalo sa banquet ng General. Ipinangako ng Diyos na may ililigtas Siya mula sa bawat tribu, wika at bansa at tao. Tayo ay inilista niya upang iligtas sila at isang araw ay magkakaroon ng isang banquet (kainan) kung saan lahat ng mga bansa at grupo ng mga tao ay may representasyon sa harap ng trono.

Ang tungkulin ay maaaring matapos. *Ang lahat sa ami'y iyong pinagpala, Nawa'y igalang Ka ng lahat ng bansa* (Awit 67:7) Pinagpala tayo ng Diyos nang lubusan sa lahat ng ating kakailanganin upang matapos natin ang Kanyang Great Commission. Sa bawat isa sa 9,000 unreached people groups, mayroong 600 mga Iglesia. Ito'y nangangahulugan na kung ang iyong Iglesia ay makipagtulungan sa 599 na iba pang Iglesia upang magsugo ng isang team sa binubuo ng 8 tao at suportahan sila sa pinansiyal, sa palagay mo maibibigay nila? Magkano bang pera ang kakailanganin? Kung magsugo tayo ng 8 tao sa bawat unreached people group, kakailanganin ang halos $1.2 trillion dollars upang suportahan ang ating mga misyonero. Napakalaking pera, di ba? Pero ang mga Ebangheliko lamang ay may $850 billion income na ginagastos. Ang ibig sabihin nito, MATAPOS mong magbayad sa iyong upahang bahay, sa bayad sa sasakyan, sa bills, sa iyong pagkain, ang mga natitira mo –upang magshopping sa *Penshoppe,* sa *SM*, sa pambili ng coke- at gawin ang anumang gusto mo- ang katumbas nito ay $850 billion. Ang tungkulin ng World Missions ay hindi napapahinto dahil sa kakulangan ng salapi, mga Iglesia o mga tao.

Ngayon, sa matatag na hawak sa kahulugan ng tungkulin, ang kumpiyansa sa mga kailangang maaaring gamitin, at ang kahandaang sumunod sa misyon ng General, iwaksi na natin ang lahat ng hadlang na bumabalakid sa atin at takbuhin natin na may pagtitiyaga ang takbuhing Kanyang itinakda sa harapan natin.

Lesson 8 Follow up Questions

1. Ano ang pagkakaiba ng reached at unreached people group?
2. Bakit ba mayroong unreached people groups?
3. Ano ang humahadlang sa atin upang abutin ang buong mundo?
4. Papaano mo mainmpluwensiyahan ang isang partikular na people group?

Lesson 9
Mga Estudyanteng Nagmimisyon
ni Kevin Little

“Ang evangelization ng mundo sa henerasyong ito” ang matapang at masigasig na kasabihang ito ang naging katangian at nagtulak sa Student Volunteer Movement, ang pinakamalakas na student mobilizer sa buong kasaysayan. Sa simula pa lang nito, ang SVM ay tumawag sa mga estudyante na magtalaga ng kanilang mga buhay, una sa personal at pagka-Panginoon ni Kristo, at sumunod, ay ang pagdadala ng Ebanghelyo ni Kristo sa mga dako ng daigdig na di pa nabahaginan. Ang mga mag-aaral na naghahanap ng adhikaing karapat-dapat paglaanan ng kanilang mga buhay at kinilos ng Banal na Espiritu, ay nagtalaga ng kanilang mga sarili sa wala pang nauunang karamihan para sa pag-eebanghelismo sa buong mundo sa kanilang henerasyon. Sa isang pagkakataon sa kanilang kasaysayan, ang 75% ng lahat ng kanilang babaeng misyonero at 70% ng lahat ng lalaking misyonero ay mga volunteers, na tinawag para sa gawaing ito ng SVM. Sa kanilang kasaysayan, ang SVM ay responsable sa mahigit sa 20,000 misyonero sa field, hindi handang humayo ngunit nasa field. 20,000 college students ay talagang tumalikod sa kanilang mga pangarap alang-alang sa pakikipagsapalaran ng pagsunod sa puso ni Kristo para sa mga bansa. 4x sa bilang na ito, 80,000 ang nananatili sa tahanan, na nagsusuporta sa kanilang kapwa volunteers at nagpaparami ng pagtuturo sa iba tungkol sa missions.

Maliit na Pasimula
Ang pagsisikap ng mobilisasyong ito ay nagsimula noong 1886 bilang resulta ng malawakang pagbuhos ng Espiritu ng Diyos sa isang summer conference sa Mt. Hermon, New Hampshire. Ang pokus ng kumperensiya, na pinangungunahan ni D.L. Moody, ay ang pangangaral ng Ebanghelyo at pag-aaral ng Bibliya, hindi ng misyon, ngunit ang puso ni Luther Wishard, ang organizer ng conference, at ni Robert Milder, isang senior sa Princeton, ay nagnanais ng isang nationwide movement ng Espiritu ng Diyos sa pagpapalawak ng kasigasigan sa pagmimisyon. Sa pasimula ng conference, kumuha si Wilder ng 18 mga lalaki na nangakong ibigay ang mga sarili sa paghayo upang pangaralan ang mga bahagi ng daidig upang araw-araw ay manalangin at pag-usapan ang t*opic* na world missions. Sa katapusan ng conference, ang maliit na grupong ito ng mga masisigasig na misyonero ay humayo sa 100 ka tao, halos kalahati ng lahat na dumalo. Kahit na si Wilder ay nanguna lamang sa pagtawag ng walo o siyam sa mga lalaking ito, ang multiplication ay nangyari sa kamangha-manghang paraan habang ang mga lalaki ay katatapos lamang kilusin ng apoy ng pag-ibig ng Diyos para sa lahat ng tao at kaagad na kumalat ang apoy sa ibang nasa paligid nila. Bawat isa sa mga lalaking ito ay lumagda sa isang deklarasyon na mababasang, “Kami, ang mga lumagda, ay nagpapahayag na kami ay handa at nagnanais, ayon sa pahintulot ng Diyos, na humayo sa mga bahagi ng mundo na di pa naaabot ng Ebanghelyo.” Mula sa momentum ng pangyayaring ito natayo ang Student Volunteer Movement.

Pagsalo sa Apoy
Sa pagnanasang I-promote at panatilihin ang sigasig sa pagmimisyon na nag-ugat mula sa Mt. Hermon Conference, si Robert Wilder, kasama ng kanyang kaibigang nagtapos sa Princeton, ay umikot sa mga Unibersidad ng United States na ibinahagi ang kwento na nangyari sa Mt. Hermon at hinahamon din ang mga estudyante na sumali sa deklarasyon. Sa taong 1886-87, sa mga buwan lamang na may pasok, mahigit 1,500 lalaki at babae ang lumagda sa deklarasyon. Muli, ang kapangyarihan ng multiplication ay kitang-kita, sapagkat sa sumunod na taon matapos ang Mt. Hermon, na walang tulong ng pangalawang kinatawan, ang bilang ng mga volunteers na lumagda sa deklarasyon ay dumami mula sa halos 2,000 hanggang 3,000 sa panahon ng academic year 1887-88. Kinikilos ng Diyos ang puso ng mga college students na iwanan na ang kanilang mga di mahahalagang kampanya at ilaan ang kanilang mga buhay para sa gawain ng Diyos para sa mga Hentil.

Ang mga umikot sa mga campuses ng United States para sa SVM, simula kay Wilder, ay nagpakita ng mensahe na kumumpronta sa katamaran at mga pagdadahilan at nagbigay sa mga mag-aaral ng isang layunin na maaari nilang panghawakan at gawin. Ang mga nagtataguyod ng SVM ay naglalagay ng pasanin ng katibayan sa mga estudyante na nagnanais na manatili kaysa sa mga yaong nagnanasang humayo. Si Robert Speer, ang tagatangkilik na sumunod kay Wilder, ay ipinakita ito nang napakaganda nang ginamit niya ang isang allegory ng isang nalulunod na tao. Ang taong nakakita sa nalulunod na tao ay dapat na magpaliwanag kung bakit kailangan siyang manatili sa tabi ng dagat, hindi kung bakit dapat

siyang lumangoy sa dagat o ilog. Sa pandaigdigang layunin ni Kristo, ang kaparehong sitwasyon ay nangyayari. Ang mga estudyanteng ito ay tinawag ni Kristo upang "humayo at gawing mga alagad ang lahat ng bansa;" gayunpaman, sila'y nakatira sa bansa na naging alagad na, samantalang ang ilang mga bansa ay hindi pa naging alagad; kaya naman, ang mga mag-aaral na nagpasiyang manatili sa kanyang bansang naging alagad na ay pinipilit na magpaliwanag kung bakit tinawag siya ng Panginoon sa landas na iyon, samantalang ang estudyanteng nagpasiyang lumagda sa deklarasyon at hahayo ay sumusunod lamang sa utos ni Kristo. Ang argumentong ito ay nagiging sanhi para harapin ng mga tao ang mga utos ni Kristo at ang papel na kanilang gagampanan sa Dakilang Atas. Gayun din, ang SVM ay nagtataguyod, matapos ang pagkakatatag nito, sa mga tinawag na estudyante sa isang layunin na maliwanag at simple lang ang kapahayagan. Ito ay nagbibigay sa mga estudyante ng isang north star upang abutin. "Ang evangelization ng mundo sa henerasyong ito" ang naging kasabihan ng SVM. Ang mga mag-aaral ay tumugon sa hamon ng mga nagtataguyod nito sapagkat alam nila kung para saan nila ibinibigay ang kanilang buhay ("ang evangelization ng mundo sa henerasyong ito") at alam nila kung bakit (inutusan sila ni Kristo na humayo sa mga di pa nakarinig).

Konklusyon

Ngayon, ang mga kondisyong ito ay nananatili. Ang utos ni Kristo na humayo at gumawa ng mga alagad ay di nawalan ng awtoridad sa loob ng isang daang taong ito. Ang mga utos Niya ay nananatiling sumasaklaw sa Kanyang mga tao, sapagkat ang lahat ng bansa ay kailangan pa ring abutin. Sa dahilang ito, ang pasanin ng katibayan ay minsan pang bumabagsak sa mga nagpasiyang manatili sa mga bansang napangaralan na ng Ebanghelyo. Papaano tinutupad ng buhay mo ang Great Commission ni Kristo? Ito ang tanong na dapat mong sagutin kung mananatili ka man o hahayo. Wala pang pagkakataon sa kasaysayan na ang kasabihan ng SVM ay malapit na sa katuparan nito at maaabot na ng isang henerasyon. Tayo, tulad ng mga estudyante nang nakaraan, ay tinawag upang gawin ang evangelization ng mundo sa henerasyong ito na sa sariling daing ng ating puso at ang layunin ng ating buhay, para sa kaluwalhatian ng Diyos.

Ang artikulong ito ay muling inilimbag at ginamit na may pahintulot.

Lesson 9 Follow up Questions

1. Ano ang masasabi mo sa pagsisimula ng Student Volunteer Movement?
2. Ano ang hamon ng Student Volunteer Movement*?*
3. Ano ang kakailanganin upang makita ang isa pang SVM?
4. Papaano mo maisakatuparan ito sa iyong buhay ngayong linggo?

Lesson 10
Ang Lokal na Iglesia

Kaibigan, Kaaway o Kabiguan sa Dakilang Atas

Basahin ang mga artikulo sa ibaba. Pagkatapos ay sagutin ang mga follow up questions sa ilalim ng pahina.

Gusto ni Dick na humayo sa isang cross-cultural ministry, pumunta sa isang Muslim country sa North Africa sa paraang tent-making. Kami ay naghahabol pa sa mga pangyayari nang nakaraang buwan mula ng kami ay nag-graduate sa college.

Habang kami'y nag-uusap, ako ay nagtanong ng isang tanong na sa palagay ko'y tama lang naman, "Dick, kung gugustuhin mong mangibang bayan bilang isa sa aming mga misyonero, bakit hindi ka *involve* sa isang aspeto ng ministeryo hanggang ngayon?

Umasa akong may sasabihin siya tungkol sa aming *graduation* o hindi niya alam kung saan tutulong o napaka-busy niya. Meron pa akong isa.

"Well," sumagot si Dick, nanlaki ang mga mata na naiinis, "ang Iglesiang ito at ang lahat ng mga Iglesiang alam ko ay walang malasakit sa Great Commission. Ang tangi kong nakikita ay mga taong makasarili at inaatupag lamang ang sarili nilang mag kapritso tulad ng oras sa pananambahan, kung mayroon ba o walang child care, kung papaano pagagandahin ang paligid ng simbahan, at kakaunti lamang ang kanilang interes sa paghihikayat ng daigdig para kay Kristo."

Ang damdamin ni Dick ay nagbago mula sa pagkagalit tungo sa pagpakahiya. Sinabi niya ang laman ng kanyang utak, subalit nalimutan na ang kausap niya'y ang minister of missions na kumakatawan sa mga makasariling tao at ang gagawa ng paraan para sa pagpupondo para sa mga kakailanganin niyang makapunta sa ibang bayan. Sa palagay ko'y inaasahan niyang ipagtanggol ko ang aking kaso.

Sa halip,sumagot lang ako ng, "Dick, hindi ko maitatanggi ang iyong mga naoobserbahan, kahit na sa palagay ko'y hindi mo nakita ang mga ibang mababuting tao at mga Iglesia. Kaya nga ito mismo ang dahilan kung bakit gusto kong ikaw ay mag-involve. Kailangan namin ang mga taong katulad mo upang maging "catalyst" para sa mas malawak na missions involvement habang ikaw ay naririto pa. 'Kita mo Dick, gusto man nating aminin o hindi, ang lokal na Iglesia ay nangunguna sa pandaigdig na layunin ng Diyos."

Sa aking pakikipag-usap kay Dick, tinukoy ko ang pagkapangunahin ng lokal na Iglesia sa Great Commission sa pamamagitan ng pagbibigay liwanag sa apat ng katotohanan:

Truth #1: Ang lokal na Iglesia ay pangunahin sa Pandaigdig na pagmimisyon sapagkat sinabi ito ni Jesus.

Ang pangako ni Jesus kay Pedro (Mt. 16:18) ay nagsasaad na itatag Niya ang Kanyang Iglesia at ang pintuan ng impiyerno ay di makakapanaig dito. Ang larawan ay tulad ng isang napakalakas na organisasyon ng mga mananampalataya na kumakatawan sa iisang kaharian na nagmamartsa laban sa isa. Kapag ang mga moog ng pangalawang kaharian – impiyerno – ay inatake, sila'y babagsak.

Sino ang dapat na umatake? Sinabi ni Jesus na ang Kanyang Iglesia. Para sa bawat isa sa atin, ito ay makikilala sa isang lokal na kapulungan ng mga mananampalataya. Ang Iglesia ay nabibigo sa kanyang tungkulin kapag nawawala sa kanyang kaisipan ang pagnanasang sumulong.

Ang lokal na Iglesia na kontra sa World Missions o bigo sa pagganap ng Great Commission ay karaniwang humihina sa pagiging "Kingdom-advancer" o taga-sulong ng Kaharian patungo sa pagiging "fortress-builder" o tagapag-tayo na lamang ng moog. Sa halip na kumukupkop ng bagong lupain para kay Kristo, ginugugol natin ang ating panahon sa pagpoprotekta ng sarili nating lupain.

Ang missions-minded na tao na nakakakita sa pangyayaring ito sa kanyang lokal na Iglesia ay dapat na maging masipag at sikaping impluwensiyahan ang kaisipan ng Iglesia. Kung wala tayong pagsisikap, ang lokal na Iglesia ay lulubog sa malalim na mentalidad ng pag-iingat sa moog. Ang missions-minded ay magiging mas mapangutya sa lokal na Iglesia at tayo ay malalayo sa pangako ni Jesus na gagapiin ng Iglesia ang pintuan ng Impiyerno.

Ang Association of Church Mission Committees (ACMC) ay naglimbag ng aklat na pinamagatang *The Local Church Can Change the World.* Ang pamagat ay hindi isang walang kabuluhang paghahangad, sa halip ito ay isang pangungusap na umaaayon sa pangitain ni Jesus para sa Kanyang Iglesia.

Truth #2: Ang lokal na Iglesia ay pangunahin sapagkat ang Katawan ni Kristo ay Naroon.

Si Dick ay tama sa kanyang napuna sa ibang mga Kristiyanong nag-aalaga sa kanilang pagiging makasarili at di sang-ayon sa Great Commission. Subalit ang mga ito ay bahagi pa rin ng Katawan ni Kristo, ang Iglesia kung tayo ay magiging tapat sa Kanya, dapat ay maging tapat din tayo sa kanila sa pamamagitan ng pagmamahal at paglilingkod sa kanila na ninanasang tulungan sila na magkaroon ng mas malawak na pananaw.

Ang mas buong representasyon ng katawan ni Kristo na tinatawag nating lokal na Iglesia ay naglalagay din sa atin sa presensiya ng mas matatandang mananampalataya kung saan ang karunungang naipon nila ay ating magiging training ground para sa makatotohanang ministeryo– sa kulturang ito o sa ibang kultura.

Truth #3: Ang Lokal ng Iglesia ay Pangunahin Sapagkat Nabibigyan Tayo nito ng Pagsasanay at Pag-aalaga

Ikaw ba ay may tiyagang kakailanganin mo upang magtiis ng maraming taon sa isang Muslim culture na walang nakikita kahit isang nagiging Kristiyano? Wala talagang nakakaalam, ngunit ang ministeryo sa mga junior highschool sa inyong lokal na Iglesia ay siguradong tutulong upang maging matiyaga ka.

At nanaisin mo bang akayin ang mga tao sa ibang kultura patungo kay Kristo, idisipulo sila at hikayatin silang maging mga “World Christians?” Kung plano mong gawin ito, dapat mong samantalahin ang bawat pagkakataon upang subukin ang iyong mga kakayahan, pamamaraan at mga abilidad na pang-relasyon nang tama sa iyong sariling Iglesia.

Ang pagsasanay sa lokal na Iglesia ay maaaring isang formal missions candidate program, pagsasanay mag-ebanghelyo, o pagsasanay na magturo. Ngunit ang mas mahalagang pagsasanay ay maaaring ang impormal na pagsasanay ng iyong katangian na magmumula sa pagmamahal sa mga di-kaibig-ibig na tao sa Iglesia, pagtitiyaga sa mga tahasang kumakalaban sa gawaing pagmimisyon, o pakikinig sa mga pangaral at para sa mga matatanda sa Iglesia.

Ang pagsasanay na pormal o di pormal bago magtungo sa field ay mahalaga sa pagtulong sa mga potential na misyonero upang maisugo sila sa field ng mga lokal na Iglesia, subalit ang nagpapatuloy na pag-aalaga sa lokal na Iglesia ay makapagbibigay ng tulong sa misyonero na mananatili sa field.

Ang bawat misyonero ay paminsan-minsang naghihirap na nagtatanong ng, “Mayroon bang nakakaalam na naririto ako?” Ang mga misyonerong nakakatanggap ng sulat, package o tawag mula sa nagmamalasakit na home church ay natutuwa sa relasyong nabuo sa Iglesiang nagsugo bago sila umalis.

Truth #4: Ang Lokal na Iglesia ay Pangunahin Sapagkat Ito ay Parehong Pasimula at Katapusan ng Misyon

Sa kanyang aklat, *A People for His Name,* kinilala ni Dr. Paul Beals ang tatlong bahagi na umiikot sa aklat ng mga Gawa tungkol sa pagsisikap na magmisyon:

- Pangangaral sa di pa ligtas

- Pagpapalakas sa mga banal
- Pagtatatag ng mga Iglesia

Kapag ang Iglesia ay naitatag na, ang *cycle* ay nauulit:
Evangelizing - edifying – establishing. Ang suliranin ng matatag na Iglesia ay kapag ipinalagay nila ang kanilang sarili na katapusan na ng cycle, pero hindi ang pasimula ng isang bagong cycle; ito ang "fortress-mentality" (mentalidad ng moog).

Ang iba, tulad ng kaibigan kong si Dick, ay gustong circumvent ang Iglesia at maging involve lamang sa ibang bahagi ng cycle *(*evangelizing or edifying), ngunit nabibigo silang makita ang katotohanan na ang pag-evangelize ay dapat magmula sa Iglesia at ang pagpapatatag ay dapat magbunsod sa pagtatayo ng mga Iglesia.

Ang ibang paraan upang sabihin ang katotohanang ito: ang isa sa pangunahing layunin ng anumang pagmimisyon ay ang magtatag ng lokal, makakatayong mag-isang kongregasyon ng mananampalataya. Ang bagong kongregasyong ito tulad ng ating pinagmulan, ay maaari ding maging makasarili, mali-mali ang prayoridad, o may fortress-mentality kahit na maaaring iba ang kultura, ang bawat tao ay makasalanan sa bawat kultura! Ang pinakamabuting paraan upang labanan ang mga kamaliang ito sa hinaharap ay ang pagkakaroon ng karanasan na labanan ang mga ito sa ating kasalukuyang lokal na Iglesia.

Kaibigan, Kaaway o Kabiguan?

Ang lokal na Iglesia ay kaibigan, kaaway o kabiguan sa World Missions? Ang paghahandang misyonero ay makikita ito bilang kaaway kung ang espiritu ng kritisismo o negatibo ang maghahari. Maraming suliranin sa lokal na Iglesia, ngunit hindi ito nagbibigay sa atin ng kalayaang iwasan ang lokal na Iglesia upang huwag nating gawin ang sarili nating dapat gawin.

Ang mga naghahandang misyonero, miyembro ng mga mission organizations o college fellowship ay maaaring makita ng lokal na Iglesia bilang isang kabiguan sa pagmimisyong pandaigdig, ngunit ito ay dapat na tumawag sa atin upang kumilos, hindi umiwas. Dapat tayong maging involve at subukang tulungan ang Iglesia na maging tagumpay sa pagtupad ng itinalagang tawag ni Kristo.

Ang lokal na Iglesia ay ang missionary friend…ang totoong partner sa proseso ng pagsusugo. Ito ay itinatag ni Jesus. Tayo ay bahagi ng katawan ni Kristo, ipinahayag sa mga lokal na kongregasyon. Kailangan natin ang pagsasanay at disiplina sa buhay sa local na Iglesia sapagkat mga lokal na Iglesia mismo ang ating itatanim.

Bangon, bayan ng Diyos
Ang Iglesia sa iyo'y naghihintay
Ang lakas niya'y di pantay sa tungkulin
Bangon at gawin mo siyang dakila!

Ang artikulong ito ay muling inilimbag at ginamit na may pahintulot.

Lesson 10 Follow up Questions

1. Ano ang naisip mo tungkol sa artikulo?
2. Bakit ang ilang mga estudyanteng Kristiyano ay ayaw makisali sa isang lokal na Iglesia?
3. Ang lokal na Iglesia ba ninyo ay kaibigan, kaaway o kabiguan? Bakit?
4. Papaano mo hihikayatin ang iyong Iglesia na sundin ang Great Commission?

Lesson 11
Panalangin
Kundi sa Panalangin Wala Tayong Magagawa
ni David Smithers

Ang Batas ng Paghingi at Pagtanggap
Alam mo ba na ang Kaharian ng Diyos ay di darating kundi sa PANALANGIN? Ang mga di pa naabot ay di maririnig ang matamis na ngalan ni Jesus kung wala ang pagpapagal ng taong nananalangin sa pangunguna ng Espiritu. Kahit pa ano ang anyo ng mga bagay-bagay, walang bagay na may kahalagahang pang-walang hanggan ang naipagkaloob kung walang sinuman, saanman na NANANALANGIN. Dahil ang panalangin sa kalikasan nito ay kadalasang NAKATAGONG gawain na ginagawa sa SEKRETONG lugar, marami ang nagkaroon ng maling kongklusyon. Madalas ang nabibigyang pansin at papuri ay ang mas kita at panglabas ng mga ministeryo tulad ng pangangaral o pamumuno kaysa sa mga talagang naganap dahil sa panalangin.

Sa kabila ng mga panlabas na anyo, ang panalangin ay isa sa pangunahing paraan ng Diyos upang magkaloob ng BIYAYA upang maisakatuparan ang mga ninanasa ng puso. Ang ating Panginoon sa Kanyang kapangyarihan ay piniling pamahalaan ang Kanyang Kaharian sa pamamagitan ng simpleng Batas ng Paghingi at Pagtanggap. Ang panalangin ay hindi isang pamamaraan ng isang tao, ito ang piniling estratehiya ng Diyos. Ang Haring si Jesus ay inutusan tayo, *Humingi kayo at kayo'y bibigyan; humanap kayo at kayo'y makakasumpong; kumatok kayo at ang pinto ay bubuksan para sa inyo. Sapagkat ang bawat humihingi ay tumatanggap.* (Mateo 7:7-8)

Ngayon ang Iglesia at ang mundo ay parehong may sakit ng kasalanan at nagdurusa sapagkat ang mga nagsasabing sila'y mananampalataya ay hindi pinanghahawakan ang pangakong ito nang buong seryoso. *Hindi ninyo nakakamtan ang inyong minimithi sapagkat hindi kayo humihingi sa Diyos*. (Santiago 4:2) Ang impiyerno ay mas malaki ngayon kaysa sa kahapon, sapagkat ang marami sa atin ay hindi nananalangin.

Inordina ng Diyos na ang LAHAT ng mananampalataya saanman ay Palawakin ang Kanyang Kaharian sa pamamagitan ng GAWA ng panalangin at pamanhik. Buong pansing itinuro ni Jesus na tayong LAHAT ay manalangin na dumating ang Kanyang Kaharian (Mateo 6:10). Maaaring hindi tayong lahat ang tinawag upang magtungo sa dulo ng daigdig at mangaral, ngunit bawat isa sa atin ay tinawag na HUMAYO sa iyong silid at MANALANGIN!

Ang Panalangin ay Gumagawa ng Pagkakaiba
Ano bang klase ng panalangin ang gusto ng Diyos na gawin natin? Lahat ba ng panalangin ay pare-parehong epektibo? Ang dalawang minuto bang panalangin ay talagang nakakapagpapasok sa Kaharian ng Diyos? Ang sulat ni Santiago ay nagtuturo sa atin ng akma kung ano ang epektibo, saan ang panalanging pangkaharian katulad? Sinulat ni Santiago, *Malaki ang nagagawa ng panalangin ng taong matuwid. Si Elias ay taong tulad din natin. Mataimtim niyang idinalangin na huwag umulan at sa loob ng tatlong taon at anim na buwan ay hindi nga umulan! Muli siyang nanalangin at bumagsak ang ulan, at namunga ang mga halaman* (Santiago 5:16-18) Ang epektibong panalangin ay nanghahawak sa mga pangako ng Diyos sa pamamagitan ng PANANAMPALATAYA na may MAALAB AT DI NATITINAG NA PAGNANASA.

Ang Santiago 5:18 ay nagsasabi na si Elias ay muling nanalangin at ang mga langit ay nagbigay ng ulan. Ito ang isa sa pinakamalaking pangungusap sa buong Bibliya. Sinabi ng 1Hari 18:41-45 na si Elias ay nanalangin hindi isang beses kundi dalawang beses, subalit pitong beses bago ang mabungang ulan ng revival ay dumating. Ang panalangin na sadyang may epekto sa mundong nasa paligid natin ay napakataimtim at matiyaga. Tulad ng lahat ng bagay na hinihingi ng Diyos sa Kanyang mga anak, ang panalangin ay dapat gawin nang BUONG puso, BUONG kaluluwa at ng BUONG lakas (Deutoronomio 4:29; 6:5).

Ang Buhay Panalangin ni Jesus
Baka isipin ng iba na ang ganitong panalangin ay para lang sa mga walang paniniwala o legalistic,

hayaan mong ipaalala ko sa iyo na binigyan tayo ng halimbawa ni Jesus ng ganitong uri ng mataimtim at maalab na panalangin. Sa Hebreo 5:7, sinasabi sa atin ng Kasulatan na, *Noong si Jesus ay namumuhay rito sa lupa, Siya'y dumalangin at lumuluhang sumamo sa Diyos…* Si Jesus ay palaging nagsusumamo at mataimtim kung manalangin. Tumangis pa at nanalangin si Jesus ng buong alab dahil sa kakulangan Niya ng pananalig o dahil nararanasan Niya ang paghahatol. Siyempre walang dahilan upang hatulan si Jesus. Di tulad natin, Siya'y maraming oras na nananalangin araw-araw at di ginamit ang anumang oras na iyon upang tumangis para sa isang kasalanan at kawalan ng pananampalataya.

Walang duda, si Jesus ay nanalanging di tulad ng sino pa man. Ang mataimtim na buhay panalangin ni Jesus ay itinutulak ng Kanyang walang limit na pangitain ng WALANG-HANGGAN (Kawikaan 15:11). Si Jesus ay napuno ng pananaw sa mga laksa-laksang ligaw na kaluluwa noong nakaraan, ngayon at sa hinaharap, na lahat ay patungo sa lumalaking bibig ng Impiyerno (Isaias 5:14) Ako ay naniniwala na ang pangitaing ito ang humawak sa Kanyang puso habang Siya'y nakaluhod at nananalangin na may matinding pagtangis at maiinit na luha ng umaagos sa Kanyang pisngi. Mayroon pa bang ibang klase ng pananalangin na papantay sa nakapanlulumong pangitain ng kawalang-hangganan? Ang kakulangan natin ng mataimtim na panalangin ay direktang resulta ng ating pagiging bulag sa reyalidad ng walang hanggang LANGIT AT IMPIYERNO.

Ang marami sa atin malaki pa rin ang motibo sa mga pansamantalang, makalamang mga bagay, mga bagay na nakikita ng ating mga mata, natitikman at nahihipo. *Kung saan walang pangitain, ang mga tao ay napapahamak.* (Kawikaan 29:18) Kung saan walang pangitain ng WALANG-HANGGAN, walang panalangin para sa mga NAPAPAHAMAK.

Pagyakap sa Durog na Puso ni Jesus
Ang panalangin ay nagbubukas ng mga pintuan ng mga kulungan at pintuan ng pangangaral. Ang panalangin ay gumagapos sa kaaway at nagbubukas sa kalangitan. Ang panalangin ay ang araro na bumubungkal sa mga tigang na lupa para sa butil ng Ebanghelyo. Ang panalangin ang nagpapapasok sa maningning na kaluwalhatian ng Kaharian ni Hesu-Kristo. Kaya nga, mayroon bang bagay na isang Kristiyano na totoong NAGMAMAHAL sa mga kaluluwa ng mga tao na nabigong manalangin para sa kanila? Maari ba talagang mangaral ang isang tao tungkol sa mga milyun-milyong di pa naaabot sa daigdig na nabigong manalangin nang taimtim para sa kanila? HINDI, sadyang hindi pwede subalit natatakot ako na ito mismo ang ginagawa ng MARAMI. Marami, mula sa maling pagkaunawa sa tagumpay ang nag-uusap, sumusulat at nangangaral, habang hindi naman sila talagang nananalangin nang TAIMTIM!

Ngayong araw, ang Diyos Ama ay masasaksihan ang kamatayan ng bawat ligaw na lalaki, babae at bata na mahuhulog sa nag-aapoy na IMPIYERNO. Makikita Niya ang bawat brutal na gawa ng pagmolestiya sa mga bata, pagpatay sa kapamilya, pinlanong pagpatay, at panggagahasa. Ngayon, ang puso Niya ay masasaktan at pahihirapan ng bawat masamang gawa ng kasalanan na nangyayari sa balat ng daigdig. Ngunit Siya ba'y tumatalikod o tinatakpan Niya ang Kanyang mga mata? Hindi, talagang nakikita Niya ang lahat ng ito at TUMATANGIS at nalulumbay.

Ngayon ang durog na puso ni Jesus na tumatangis ay na-eecho sa buong kalangitan. Narinig mo na ba ang nakakasindak na pagtangis na iyon? Niyakap mo na ba ang durog na puso ni Jesus? Ninanais Niya na ang Kanyang Bride ay pumasok sa Kanyang pinasok-"pagka-WASAK NG PUSO", sa pamamagitan ng mataimtim at mapagmahal na panalangin. Ang Espiritu ng Diyos ay tumatangis bawat araw ngayon, *Ang anihin ay sagana, ngunit kakaunti ang mag-aani. Kaya MANALANGIN…*" (Mateo 9:37-38).

Copyright David Smithers. Ang artikulong ito ay muling inilimbag at ginamit na may pahintulot.

Lesson 11 Follow-up Questions

1. Ano ang relasyon ng panalangin at pagmimisyon?
2. I-outline mo ang iyong personal prayer life.
3. Banggitin mo kung papaano nagbago ang iyong prayer life sa tulong ng pag-aaral na ito.
4. Papaano mo gawing lalo pang nakasentro sa Diyos ang iyong prayer life?

Lesson 12
Paghahanap ng Iyong Papel sa
Pandaigdigang Pangangaral ng Ebanghelyo
ni Todd Ahrend

Nakatanim sa isipan ng maraming mga Kristiyano ang ideya na ang pakikisalamuha sa gawaing pagmimisyon ay nangangahulugan lamang ng isang bagay: pagtira sa ibang bansa nang matagalan. Ito ay di malusog na paraan upang lapitan ang pagmimisyon dahil ito ay nag-iiwan sa mas maraming tao. Kahit yaong mga humahayo nang matagalan (long term) ay uuwi rin at kakailanganing isagawa ang kanilang pangitain sa ibang paraan. Kung katangian ng Diyos na nasain ang kaligtasan ng lahat ng mga bansa, nararapat lamang na maikintal sa bawat isa sa Kanyang mga tagasunod ang katangiang ito. Kaya nga mahalaga para sa Iglesia na ang ibang sangay ng pakikisalamuha o involvement ay matuklasan. Ang sumusunod na limang habits ay hindi dapat ipalagay o itanong na "alin ang para sa akin." Ang ideya ay ganito, na ang isang tao na inuuna ang pandaigdig na plano ng Diyos ay gagawin ang lahat o karamihan sa mga ito. Ang mga main habits ay:

1. Paghayo *(going)*
2. Pananalangin *(praying)*
3. Pagsusugo *(sending)*
4. Pagtanggap *(welcoming)*
5. Pagpapakilos *(mobilizing)*

Ang Paghayo: Ang habit na ito ay karaniwang iniuugnay sa pagmimisyon. Sa nakaraan at kahit hanggang ngayon kapag ang isang tao ay nag-iisip tungkol sa misyon, ito ang karaniwang kaugnay. Ang kahulugan ng humahayo ay isang taong physically present, na nagtatrabaho sa mission field. Ang paghayo ay maaaring mangahulugan ng isang short-term trip o mas mahaba pang panahon.

Sa katapusan, ang humahayo ay handang buong-buong ilagak ang kanilang mga sarili sa kultura ng hindi pamilyar na may intensiyong palawakin ang Ebanghelyo sa kulturang iyon. Sila ay malikhain, hindi mahirap makibagay, matatag at matiyaga kahit may kakaunting fellowship. Sa Exodo 3:7-10, binabanggit ng Diyos sa siyam na iba't-ibang beses kay Moises na Siya ay nagmamalasakit sa mga Israelita at ang kanilang kondisyon bilang mga alipin at handa Siyang dalhin sila sa Lupang Pangako. Sa pag-uusap na ito, isa lang ang tinutukoy ng Diyos kay Moises. Tingnan mo ang reaksiyon ni Moises, *Ngunit sinabi ni Moises sa Diyos, 'Sino po akong haharap sa Faraon at maglalabas ng bayang Israel mula sa Egipto?'* (Exodo 3:11). Parang tayo minsan, di ba? Ang tukso sa atin ay tumingin sa ating sarili at sa ating kahinaan! Iniisip natin na walang paraan upang gustuhin ng Diyos na tayo ay mag-involve at napakarami sa atin ang hindi natutuwa sa biyaya ng pakikihalubilo. Tingnan ang reaksiyon ng Diyos; ibinalik Niya ang focus sa Kanyang sarili sa sumunod na talata, *sasamahan kita* (Exodo 3:12).

Bago umalis si Robert Morrison upang maging kauna-unahang Bible translator sa China, may nagtanong kung talagang iniisip niya na mababago niya ang 2,000 taong problema sa pagsamba sa diyus-diyosan sa China, ang sagot niya ay, "Hindi ko makakaya, pero inaasahan kong makakaya ng Diyos."

Habang nagsisimula kang ikonsidera ang paghayo sa isang short-term trip, magiging natural para sa iyo ang tumingin sa mga sarili mong kakayahan (o hindi kayang gawin) at manghina ang loob. Sa pagkakataong ito kailangan mong mapaalalahanan na *Pinili ng Diyos ang sa palagay ng sanlibutan ay kahangalan upang hiyain ang marurunong, at ang mahihina sa turing ng sanlibutan upang hiyain ang malalakas. Pinili Niya ang mga itinuturing na hamak, walang halaga at walang kabuluhan sa sanlibutang ito upang pawalang-halaga ang mga itinuturing na dakila sa sanlibutan. Kaya't walang maaaring magmalaki sa harapan ng Diyos.* (1Corinto 1:27-29)

Sa liwanag ng katotohanang ito, tayong lahat ay overqualified!

Panalangin: Kung si Jesus ay maaari mong tanungin na turuan ka ng kahit anong bagay, ano ang hihilingin mo? Kung ako, sa palagay ko'y gusto kong matutuhan kung papaano Niya pinarami ang tinapay at pinakain ang 5,000! Isipin mo naman? Well, sa buong Kasulatan makikita natin na isang beses lang humiling ang mga alagad kay Jesus na turuan sila ng isang bagay. Ang kahilingan, *Panginoon, turuan Mo*

kaming manalangin (Lukas 11:1). Hindi ba't nakakatuwang isipin na matapos makilala at mabuhay kasama ni Jesus, ang pagnanasa nila ay matutuhan ang paraan ni Jesus sa pananalangin. Siguro matapos ang pagsunod sa Kanya sa ilang taon, napagtanto nila na kapag si Jesus ay nanalangin mayroong nangyayari. Pakinggan mo ang tugon ni Kristo, *Ganito kayo manalangin: 'Ama naming nasa langit, sambahin nawa ang pangalan Mo. Ikaw nawa ang maghari sa amin, sundin nawa ang Iyong kalooban dito sa lupa tulad ng sa langit*. (Mateo 6:9-10).

Sinabi ni Jesus na kapag kayo ay nanalangin, dapat ninyong hilingin sa Diyos na dalhin ang gawain sa langit dito sa lupa. Sa madaling salita, manalangin kayo na ang nangyayari doon sa itaas ay bumaba dito sa lupa. Well, ano ba ang nangyayari sa langit? Sa ngayon, sa langit, lahat ng mata ay nakatuon kay Jesus, habang ang isang multi-cultural worship service ay nagaganap. Para bang inyong Iglesia? Ito ang itinuro ni Jesus sa Kanyang mga alagad na ipanalangin.

Ang isa pang talata na humahamon sa atin upang manalangin para sa daigdig ay matatagpuan sa Mateo 9:36-38, Nang makita Niya ang napakaraming tao, nahabag Siya sa kanila sapagkat sila'y lito at lupaypay, parang mga tupang walang pastol. *Kaya't sinabi Niya sa Kanyang ng alagad, 'Sagana ang anihin, ngunit kakaunti ang mag-aani. Idalangin ninyo sa may-ari ng anihin na magpadala Siya ng mga manggagawa sa Kanyang aanihin.*' (Nakita ni Jesus ang karamihan mga ligaw na kaluluwa katumbas sa mga kakaunting manggagawa at tumingin Siya sa kanyang mga alagad at sinabi, "Idalangin ninyo" *(Ask)* Napakamakapangyarihang larawan! Hindi Niya sinabing "humayo", o "mangaral", o "magkaroon kayo ng conference", ngunit "humiling"*(Ask)* Mahirap basahin ang mga talatang ito at hindi mo maisip ang tungkol sa iyong prayer life (buhay panalangin) at tingnan kung lumalapit tayo sa Diyos na dala ang ating mga pagnanasa o kung ang ipinagmamalasakit natin ay ang Kanya.

Sadya, kailangan nating ipanalangin ang ating sarili, siyempre, at kailangan din nating itaas ang ating mga pamilya at kaibigan, subalit ninanais din ng Diyos na tayo'y magsama-sama at mamagitan alang-alang sa mga bansa at magmamakaawa sa Kanya na magsugo ng mga manggagawa para sa anihin.

Pagsusugo: Si Apostol Pablo ay may mahalagang obserbasyon, *At papaanong makapangangaral ang sinuman kung hindi siya isinusugo?* (Roma 10:15) Ang mga di pa naaabot ay walang pagkakataong marinig ang Ebanghelyo kung walang mga taong nagkakaloob ng pinansiyal na tulong at nananalangin para sa mga humahayo. Ito ay tulad ng ganitong tanong, "Alin ang mas importante, ang tagapagligtas ng bumababa sa isang balon upang iligtas ang isang buhay o ang taong nasa itaas na humahawak sa lubid?" Hindi pwedeng wala ang isa. Mayroong isang prinsipyo sa pakikidigma ang mga Israelita, *Kaya, pare-pareho ang magiging kaparte ng lahat, maging kasama sa paglusob o naiwan upang magbantay sa ating mga ari-arian.* (1Samuel 30:24) Bakit? Sapagkat sila'y pantay-pantay na hukbo ng Diyos. Sa ating kultura, iniisip natin na tayo'y may karapatang mabuhay sa anumang pamantayan na naaayon sa ating kita *(*income). Ang ating katuwiran ay kapag ang isang tao ay kumikita ng $60,000 sa loob ng isang taon, maaari na silang mabubuhay sa $60,000. Kapag tumaas ang sweldo niya, tumataas din ang kanilang standard of living! (pamantayan ng pamumuhay) Subalit ang Kristiyanong Pandaigdig ay dapat may ibang kaisipan. Siguro kapag ang isang Kristiyano ay tinaasan ang sweldo o nagkaroon ng malaking kita na di niya inaasahan, layunin ng Diyos na ang taong iyon ay makatulong para sa iba! Ang kaisipang ito ay ibang-iba sa ating kultura.

Ang papel ng nagsugo ay hindi buo, kundi hiwa-hiwalay din. Ang pinakahalatang aspeto ng pagsusugo ay ang pagbibigay ng pananalapi upang suportahan ang isang misyonero. Subalit tiyak na hindi ito lamang ang isang bahagi ng pagsusugo. Ang nagsugo ay maaaring gawin ang isa o lahat ng sumusunod ng espesyal na papel: logistics, prayer coordination, communications, research, finances or re-entry-coordinator. Ang espesyalista sa *logistics* ay nakikialam sa praktikal na bahagi ng pagsusugo. Sila'y nakikialam sa pag-empake ng kakainin ng misyonero, plano sa mga biyahe, halaga at pagbili ng mga kakailanganing gamit sa field. Ang prayer coordinator ay maaaring humahanap ng mga bagay ng maaaring ipanalangin ayon sa pagsasaliksik, mga misyonerong nasa field at mga missions societies. Kailangan din sila upang maglista ng iba na mananalangin para sa *team* at mag-organize ng special prayer meetings. Upang malaman ang mga prayer needs, ang isang communications specialist ay malaki ang maitutulong. Ang kanilang responsibilidad ay magbukas ng linya ng komunikasyon para sa team upang ang mga kahilingan at kagamitan at iba pang mga kailangan ay malaman. Ang papel ng

pagsusugo ay di bongo o madali. Ang tungkulin na makialam sa araw-araw, sa likod ng mga pangyayari sa gawaing pagmimisyon ay parang hindi kaaya-ayang pasalamatan, subalit ang mga ito ay hindi nawawalan ng gantimpala.

Ito ay parang napakahirap I-develop na habit para sa isang college student dahil palaging ang pakiramdam nila'y nauubusan na sila ng pera! Subalit ang puntos ay hindi tungkol sa halaga na ibinigay. Ang punto ay nakakapagtatag sila ng isang *"*habit of sacrifice*."*

Pagtanggap: Ang Amerika ay tumatanggap ng pinakamaraming bilang ng mga tao mula sa ibang bansa at ang buong daigdig ay nasa aming pintuan. Mahigit 650,000 international students and scholars ang nag-aaral dito mula sa 188 na mga bansa sa daigdig. Isang perpektong opotunidad upang ipaabot ang biyaya at pag-ibig ng Diyos sa mundo! At hindi mo na kakailanganing umalis. Ang Tagatanggap *(welcomer)* ay kumuha ng kanyang pangalan mula sa ideya na kanyang tinatanggap ang nagmula sa ibang bansa sa sarili niyang bansa.

Ang dayuhan ay malapit sa puso ng Panginoon. Mahigit 40 beses mula sa Lumang Tipan lamang, tayo ay inuutusan na alagaan ang mga dayuhan sa ating lupain, *Ibigin ninyo sila at ituring na kapatid. Alalahanin ninyong nakipamayan din kayo sa Egipto. Ako si Yahweh ang inyong Diyos.* (Levitico 19:34).

Iginagawad Niya ang katarungan ng mga alila at balo. Nilukuban Niya ng pagmamahal ang mga taga-ibang bayan at binibigyan ng kanilang pangangailangan. Ibigin ninyo ang mga taga-ibang bayan pagkat kayo ma'y naging taga-ibang bayan sa Egipto. (Deutoronomio 10:18-20)

Ipinapaalala ng Diyos sa mga Israelita ang kanilang nakaraang pagtira sa Egipto upang maisip nila na ibigin ang mga dayuhan, sapagkat minsan sila'y naging mga dayuhan din. Katulad din naman dapat nating maalaala ang ating nakaraan, kung papaanong tayo ay mga dayuhan sa Diyos ngunit nahabag Siya sa atin.

Nakakalungkot naman, na kung papaanong ang ministeryong ito ay available sa mga college students, ito ay hindi na gaanong binibigyang pansin. Alam mo ba na 80% ng mga taga-ibang bayan sa iyong campus ay hindi maaanyayahan sa Amerikanong tahanan? May mataas na pag-asa, sila'y dumating upang mag-aral, ngunit napagtanto nila na ang "hospitality" na kanilang nakasanayan ay ibang-iba sa Amerika kung paanong sila ay iba. Kaya sila ay nakatira sa kanilang tagong komunidad kasama ng sarili nilang mga kababayan at pagdating ng panahon ay babalik muli sa kanilang sariling lupain. Nagtataka ako kung ano ang sasabihin nila sa kanilang mga kaibigan tungkol sa tanyag na Kristiyanong bansang ito.

Ang bawat isa ay maaring maging welcomer. Ang kailangan lamang ay kaunting panahon, lakas at kahandaang magsabi ng "hello." Walang dahilan na ang Kristiyanong nasa campus ay hindi magkakaroon ng dalawa o tatlong bagong international na kaibigan bawat semester. Mai-imagine mo ba kung papaanong ang Ebanghelyo ay kakalat kung ito ay maging isang katotohanan? Sa college kung saan ako nagtatrabaho, mayroong 80 estudyante galing ng Saudi Arabia na nag-I-istambay sa kanilang sulok sa student center. Naaalala ko pa noong nagsama ako ng dalawang lalaki mula sa aking Bible study upang tagpuin sila at kilalanin. Pagkatapos ng ilang linggo ng pagbati at pagbibigay namin ng panahon, naging kabahagi na kami ng kanilang grupo. Ibinahagi namin ang Ebanghelyo sa sampu sa kanila hanggang sa sumunod na taon. Nakakamanghang isipin ang hirap na mararanasan ko kung ako ay nagtungo pa sa Saudi Arabia at gawin ang pareho ring bagay! Ngunit dito ay mayroon kaming kumpletong kalayaan na magbahagi sa ibang mga taong di pa naaabot!

Ang pangangailangan ng pagtanggap ay malaki. Mag-isip ng mga ideya kung papaano maipapakita ang pagmamahal sa mga dayuhan sa paligid mo. Ang simpleng panimulang paraan ay nagsimula sa isang pag-uusap sa isang taga-ibang bayan sa iyong campus. Napakaraming mga tanong na maaari mong itanong upang makilala mo sila:

- Saang lupalup ka nanggaling?
- Nagustuhan mo ba ang pagkain?
- Nagustuhan mo ba rito sa aming bansa?

- Mahirap bang pag-aralan ang English?
- Anong pagkakaiba rito sa inyong bansa?
- Hindi ka ba naliligaw dito?
- Anong maitutulong namin sa iyo?
- Maari kang pumili ng isang grupo sa kanila na bibigyan mo nang madalas na pansin. Narito ang ilang mga mungkahing paraan upang paglingkuran sila.
- Samahan mo sila sa hagdanan.
- Anyayahan mo sila kapag holidays.
- Tulungan mo silang magpraktis ng English.
- Anyayahan mo sila sa isang Bible study.
- Anyayahan mo silang sumama sa iyong barkada na mamasyal.

Ang tumatanggap ay handang maglingkod sa kanila at abutin sila sa pag-asang si Kristo ay maluluwalhati. Makikita nila na napakadali palang maging involve at sa hinaharap ay mapapamahal sila sa mga internationals at sa ministeryong ito.

Pagpapakilos*:* Ang isang mobilizer ay isang normal na Kristiyano na araw-araw ay lumalakad kasama ng Diyos, ngunit mayroong pandaigdig na perspektibo at nananatili sa tahanan upang hikayatin ang iba na kumilos. Ang sinumang may pangitain para sa daigdig ay pinakilos din kahit minsan. Maaaring may humiling na sila'y magtungo sa isang short-term trip, naanyayahan silang dumalo sa isang missions conference, yayain sila sa isang Bible study tungkol sa paksa, o ipakilala sila sa isang misyonero, sa anumang paraan sila ay mahikayat. At ang taong humikayat, samakatuwid ay isang "mobilizer" o isang *"*recruiter*"*. Ang mga mobilizers ay lumalabas na nagtitingin ng iba upang mailista sila para sa agenda ng Diyos sa kanilang buong buhay. Ang pinagtutuunan nila ng pansin ay mga Kristiyanong hindi nakakabatid sa pandaigdig na plano ng Diyos at patuloy nilang hinahanap ang paraan upang iangat ang kaalaman ng mga tao sa gawaing pagmimisyon sa mga malikhaing paraan, maging ito man ay sa isang maliit na grupo o sa malaking grupo. Tulad ni Habakkuk, *Isinulat nila ang pangitain, isinulat ng malinaw sa tapyas ng mga bato upang madaling mabasa at ibalita sa lahat.* (Habakkuk 2:2)

Ang aking kaibigan ay may kasabihang aking tinanggap. "Ang Bawat Kristiyano ay isang Kristiyanong Pandaigdig at ang Bawat Kristiyanong Pandaigdig ay isang Mobilizer." Isipin mo ang kamangha-manghang potensiyal ng pangungusap na ito. Ang bawat Kristiyano ay umiikot ang kanilang buhay sa puso ng Diyos para sa mundo at tinutupad ang Great Commission at sa panahon ding ito ay ipinapasa ang pangitaing iyon sa bagong mananampalataya at sa susunod pang henerasyon. Kamangha-mangha!

Kaya ano ang talagang katangian ng isang mobilizer? Inilista ni Bill Stearns ang 10 katangian:

1. Kinakailangang matutong maging isang alipin.
2. Nagnanasang makita ang mga manggagawa na dumadami upang tapusin ang tungkulin ng pangangaral sa buong daigdig.
3. Posibleng may kaloob ng encouragement at exhortation.
4. Ay magaling magturo ngunit maaring mas epektibo sa pag-recruit ng iba upang magturo.
5. Nagsasalita sa harap ng mga grupo na walang (masyadong) takot.
6. Maayos na pinangungunahan ang iba.
7. Mayroong puso para sa sanlibutan, maaring nakatuon lamang sa isang grupo ng mga tao.
8. Nakikita ang prayoridad ng paghihintay at pagpapakilos din sa iba.
9. Ay "visionary"- nakikita kung ano ang maaring mangyari habang ang mga pinalakas na mga mananampalatya ay inaakma ng Diyos sa mga pangunahing opurtunidad ng ministeryo.
10. Ang taga-ganap- itinutulak ng pagnanasang makita ang isang pangitain na maging isang katotohanan.

Kung ito man ang tamang missions book o isang maikling video, magazine, ahensiya, prayer profile, o iba pa; kinakailangang may maipakita ka sa iba na mga kagamitan o resources. Naaalala ko pa noong ako ay ng-aaral sa kolehiyo, iniipon ko ang aking mga *tools*. Naglagay ako ng tanda sa isang manila folder, "Mobilization Resources". Ngayon, napuno na ang dalawang filing cabinets! Bahagi ng pagiging handa sa tulong ng mga resources na ito ay ang pagiging networker. Kakailanganin mong malaman kung ano

ang ginagawa ng Diyos at sino ang ginagamit Niya. Hinahamon ko ang bawat isa na nagsusumikap na pagyamanin ang kanilang kakayahang magmobilize na tulungan ang iba na magkolekta at matuto kung papaano gagamitin ang mga resources na ito at mga materyales na mayroon tungkol sa pagmimisyon. Habang sila ay nangungulekta at natututo, ang mga materyales na ito ay tumutulong upang mapatatag ang kanilang confidence o lakas ng loob na kakailanganin nila upang magturo ng iba.

Ang mobilizer ay isang susing gumaganap sa proceso ng paghahanap at pagpaparami ng mga manggagawa. Kailangang may nag-aalab na puso para sa mundo ngunit dapat ay handa ring manatili. Ito ay nangyayari sa bawat Kristiyanong Pandaigdig at ang bawat Kristiyanong Pandaigdig ay magagawa ito!

Lesson 12 Follow-up Questions

1. Anong papel ang nakikita mong magagawa mo?
2. Aling papel ang pinaka-nakakatakot para sa iyo at bakit?
3. Papaano mo maisasabuhay ang mga papel na ito kung saan nagsisimulang gumawa ang Diyos sa iyo ngayon?

Missions Bible Study

Basahin Genesis 11:1-9

- Ano ang kanilang pangunahing dahilan sa pagtatayo ng siyudad at di pagkalat sa balat ng lupa?

- Bakit gusto ng Panginoon na sila'y magsipangalat? (Gen. 1:28 at 9:1)

- Ano ang resulta ng pagsuway ng tao?

Basahin Genesis 12:1-4

- Ano ang iniutos na Diyos kay (Abram)Abraham na kanyang dapat gawin?

- Ano ang ipinangakong ibibigay ng Diyos kay (Abram)Abraham kung siya'y susunod?

Basahin Genesis 26:1-5 at Genesis 28:10-15

- Paano nagpatuloy ang pangakong ito sa salinlahi ni Abraham?

Basahin Deuteronomeo 4:5-6

- Bakit ibinigay ng Diyos sa Kanyang bayan ang Sampung Utos?

Basahin Josue 2:9-10

- Papaano tumugon ang mga tao sa Diyos sa paghawi ng Dagat na Pula?

Basahin 1 Hari 4:29-34

- Bakit binigyan ng Diyos si Solomon ng karunungan? Ano ang makukuha ng Diyos?

Basahin Daniel 3:28-4:3

- Papaano tumugon si Haring Nabucodonosor sa Diyos sa pagliligtas kina Shadrach, Meshach at Abednego mula sa apoy?

Basahin Daniel 6:25-28

- Papaano tumugon si Haring Darius sa Diyos sa pagliligtas kay Daniel mula sa kulungan ng mga liyon?

Ano ang sinasabi ni Hesus tungkol sa mga bansa?

- Juan 3:16

- Mateo 24:14

- Lukas 24:46-47

- Markos 16:15

- Gawa 1:8

Ano ang pilosopiya ni Pablo sa ministeryo?

- Roma 10:14-15

- Roma 15:20-21

Basahin Pahayag 5:9

- Ano ang mahalagang bagay sa talatang ito at papaano ito nauugnay sa pangako ng Diyos kay Abraham sa Genesis 12:1-4?

- Papaano maaapektuhan ng damdamin ng Diyos para sa daigdig ang ating mga buhay bilang mga Kristiyano?

- Papaano tayo makapagyaman ng puso o damdamin para sa daigdig?